ESTADO NG NEVADA – COUNTY NG CLARK

AKO, JOSEPH P. GLORIA, gaya ng nararapat na nabigyan ng kasangkapan na Tagapagtala ng mga Botante sa Clark County sa ESTADO NG NEVADA, sa pamamagitan ng aking pagpapatunay na ang Pangkalahatang Halalan ay sa Martes, Ika 4 ng Nobyembre, 2014. Ang mga presinto ay bukas mula 7:00NU hanggang 7:00NG sa nasabing araw. Kung ang kandidato ay naghihintay ng lutas sa kanyang ibat ibang hamon ay ma'aaring magresulta sa hindi pagkakakita ng kanyang pangalan sa balota ng Halalan. Ang listahan ng mga lugar ng botohan ay kasama na rin sa abison'ng ito.

Saksihan ang aking KAMAY at PANATAK ngayon Ika-10 ng Septiyembre, 2014.

JOSEPH P. GLORIA
Tagapagtala Ng Botante

LISTAHAN NG MGA KANDIDATO PARA SA
IKA-4 NG NOBYEMBRE,
PANGKALAHATANG HALALAN

Pagpapaikli sa mga Pangalan ng mga Partido. Makikita sa Balota

Demokrata:	**DEM**
Republikano:	**REP**
Libertarian:	**LIB**
Independiyenteng Amerikanon'ng Partido:	**IAP**
Independiyenteng Kandidato:	**NP**

KINATAWAN SA KONGRESO
2 TAONG TERMINO

DISTRITO 1

Bakari, Kamau	IAP
Charles, Richard "Ricardo Carlos"	LIB
Teijeiro, Annette	REP
Titus, Dina	DEM

DISTRITO 3

Bilbray, Erin	DEM
Goossen, David	IND
Heck, Joe	REP
Kimmick, Randy	LIB
St. John, Steven	IND

DISTRITO 4

Best, Russell	IAP
Brown, Steve	LIB
Hardy, Cresent	REP
Horsford, Steven A.	DEM

GOBERNADOR
4 NA TAONG TERMINO

Goodman, Robert "Bob"	DEM
Sandoval, Brian	REP
VanDerBeek, David Lory	IAP
None of These Candidates	

TENYENTE GOBERNADOR
4 NA TAONG TERMINO

Flores, Lucy	DEM

Hutchison, Mark	REP
Little, Mike	IAP
None of These Candidates	

SEKRETARYA NG ESTADO
4 NA TAONG TERMINO

Cegavske, Barbara K.	REP
Marshall, Kate	DEM
None of These Candidates	

TESORERO NG ESTADO
4 NA TAONG TERMINO

Cave, Kress K.	IAP
Schwartz, Dan	REP
Wallin, Kim	DEM
None of These Candidates	

KONTROLER NG ESTADO
4 NA TAONG TERMINO

Jones, Tom	IAP
Knecht, Ron	REP
Martin, Andrew	DEM
None of These Candidates	

PANGUNAHING ABOGADO
4 NA TAONG TERMINO

Hansen, Jonathan J.	IAP
Laxalt, Adam Paul	REP
Miller, Ross	DEM
None of These Candidates	

SENADO NG ESTADO
4 NA TAONG TERMINO

DISTRITO 2

Baker, Louis J.	IAP
Denis, Mo	DEM

DISTRITO 8

Farley, Patricia	REP
Kamerath, Jon	IAP
Loop, Marilyn Dondero	DEM

DISTRITO 9

Harris, Becky	REP
Jones, Justin	DEM

DISTRITO 10

Kihuen, Ruben	DEM
Uehling, Ed	LIB

DISTRITO 12

Hardy, Joe	REP

DISTRITO 20

Lowry, Teresa	DEM
Roberson, Michael	REP

DISTRITO 21

Manendo, Mark	DEM

McGinnis, Ron L.	REP

ASEMBLEYO NG ESTADO
2 TAONG TERMINO

DISTRITO 1

Baum, Roger "OZ"	REP
Kirkpatrick, Marilyn	DEM

DISTRITO 2

Hambrick, John	REP
Maimbourg, A.J.	IAP

DISTRITO 3

Araujo, Nelson	DEM
Marquez, Jesus	REP

DISTRITO 4

Fiore, Michele	REP
Hinton, Jeff	DEM

DISTRITO 5

Nelson, Erv	REP
Strasser, Jerri D.	DEM

DISTRITO 6

Munford, Harvey J.	DEM

DISTRITO 7

Leavitt, Brent	REP
Neal, Dina	DEM

DISTRITO 8

Frierson, Jason	DEM
Moore, John	REP

DISTRITO 9

Gardner, David M.	REP
Yeager, Steve	DEM

DISTRITO 10

Holder, Jesse "Jake"	DEM
Shelton, Shelly M.	REP

DISTRITO 11

Diaz, Olivia	DEM

DISTRITO 12

Ohrenschall, James	DEM
Warren, Troy	IAP

DISTRITO 13

Anderson, Paul	REP
Kramar, Christine Lynn	DEM

DISTRITO 14

Carlton, Maggie	DEM
Yarbrough, Matthew	REP

DISTRITO 15

Anderson, Elliot T.	DEM
Donlon, Benjamin	REP
Juarez, Roberto S.	LIB

DISTRITO 16

Swank, Heidi	DEM

DISTRITO 17

Little, Patricia "Pat"	IAP
Mendez, Patrick	REP
Thompson, Tyrone	DEM

DISTRITO 18

Beaulieu, Amy	DEM
Carrillo, Richard	DEM

DISTRITO 19

Edwards, Chris	REP
Hendon, Donald Wayne	LIB
Zygadlo, James	DEM

DISTRITO 20

Linton, Carol	REP
Spiegel, Ellen	DEM

DISTRITO 21

Armstrong, Derek W.	REP
Eisen, Andy	DEM
Sanacore, Adam-John	LIB

DISTRICT 22

Lalley, Leroy T.	IAP
Stewart, Lynn	REP

DISTRITO 23

Woodbury, Melissa	REP

DISTRICT 28

Flores, Edgar R.	DEM

DISTRITO 29

Cohen, Lesley Elizabeth	DEM
Silberkraus, Stephen	REP

DISTRITO 34

Seaman, Victoria	REP
Smith, Meghan	DEM

DISTRITO 35

Healey, James	DEM
Jones, Brent A.	REP

DISTRITO 36

Oscarson, James	REP

DISTRITO 37

Duncan, Wesley	REP
Mackin, Gerald	DEM
Pombo, Lou	LIB

DISTRITO 41

Aizley, Paul	DEM
Dooling, Vicki	REP

DISTRITO 42

Bustamante Adams, Irene	DEM
Scheff, Howard	IAP

KOMISYONADO NG COUNTY
4 NA TAONG TERMINO

DISTRITO E

Giunchigliani, Chris	DEM
Thibodeau, Joe	REP

DISTRITO F

Brager, Susan	DEM
Darrel, Lyal S.	IAP
Smith, Jason G.	LIB
Tracy, Mitchell T.	REP

DISTRITO G

Lake, Cindy	REP
Scow, Mary Beth	DEM

ABOGADO NG DISTRITO
4 NA TAONG TERMINO

Duensing, Jr., Raymond James "Jim"	LIB
Wolfson, Steve	DEM

ASSESSOR NG COUNTY
4 NA TAONG TERMINO

Barnhill, Brad Lee	IAP
Hagan, Tim	LIB
Shafe, Michele W.	DEM

KLERK NG COUNTY
4 NA TAONG TERMINO

Goya, Lynn	DEM
Hols, William	REP

TAGATALA NG COUNTY
4 NA TAONG TERMINO

Conway, Debbie	DEM
Hotchkiss, Don	REP
Johnson, Douglas "Tractor"	LIB
Maclean, Shannon C.	IAP

TESORERO NG COUNTY
4 NA TAONG TERMINO

Fitzpatrick, Laura	DEM
Javornicky, Mike "doc"	REP

PAMPUBLIKONG ADMINISTRADOR
4 NA TAONG TERMINO

Cahill, John J. DEM
Klapproth, Ed REP

KUSTABLE, NAYON NG BOULDER
4 NA TAONG TERMINO
Hampe, Steve REP

KUSTABLE, NAYON NG BUNKERVILLE
4 NA TAONG TERMINO
Laub, Erik DEM

KUSTABLE, NAYON NG GOODSPRINGS
4 NA TAONG TERMINO
Derschan, Ken DEM
Rogers, Gary P. REP

KUSTABLE, NAYON NG HENDERSON
4 NA TAONG TERMINO
Mitchell, Earl REP
Watson, Terry DEM

KUSTABLE, NAYON NG LAUGHLIN
4 NA TAONG TERMINO
Ross, Jordan REP

KUSTABLE, NAYON NG MESQUITE
4 NA TAONG TERMINO
Thurston, Duane L. REP

KUSTABLE, NAYON NG MOAPA
4 NA TAONG TERMINO
Leavitt, Gary L. REP

KUSTABLE, NAYON NG MOAPA VALLEY
FOUR-YEAR TERM
Frei, Leon S. REP

KUSTABLE, NAYON NG NORTH LAS VEGAS
4 NA TAONG TERMINO
Eliason, Robert L. DEM
Martin, Jon REP

KUSTABLE, NAYON NG SEARCHLIGHT
4 NA TAONG TERMINO
Cochran, Jack REP

KANDIDATO PARA SA MGA OPISINANG WALANG KAPANIG

HUSTISYA NG KORTE SUPREMA
6 NA TAONG TERMINO

UPUAN B
Pickering, Kristina
None of These Candidates

UPUAN D
Gibbons, Mark
None of These Candidates

HUKOM NG HUSGADO NG DISTRITO

6 NA TAONG TERMINO

KAGAWARAN 2
Scotti, Richard
Watkins, John G.

KAGAWARAN 3
Davidson, Michael D.
Herndon, Douglas W.

KAGAWARAN 4
Earley, Kerry Louise
Smith, Steve

KAGAWARAN 5
Ellsworth, Carolyn
Horne, William C.

KAGAWARAN 8
Guerci-Nyhus, Christine
Smith, Doug

KAGAWARAN 14
Escobar, Adriana
Root, Michael

KAGAWARAN 19
Kephart, William "Bill"
Marcek, Cliff

KAGAWARAN 20
Perrino, Nicholas Anthony
Tao, Jerry

KAGAWARAN 22
Hafter, Jacob
Johnson, Susan

KAGAWARAN 23
Friedberg, Craig
Miley, Stefany A.

KAGAWARAN 24
Crockett, Jim
Hardy, Jr., Joe

KAGAWARAN 25
Connell, Sean P.
Delaney, Kathleen E.

KAGAWARAN 28
Bush, Susan
Israel, Ron

KAGAWARAN 30
Rugg, Jeffrey S.
Wiese, Jerry A.

KAGAWARAN 32
Bare, Rob
Tindall, Randall

HUKOM DISTRITO HUSGADO
DIBISYONG PAMILYA
6 NA TAONG TERMINO

DEPARTMENT B
Marquis, Linda
Scalia, II, Joseph A.

DEPARTMENT C
Burton, Rebecca
Howard, Jr., John Hall "Jack"

DEPARTMENT D
Kurth, Jr., Robert
Teuton, Robert W. "Bob"

DEPARTMENT F
Gentile, Denise L.
Gonzalez, William "Bill"

DEPARTMENT H
Lyons, Keith
Ritchie, Art

DEPARTMENT I
Moss, Cheryl
Shetler, Travis

DEPARTMENT J
Hughes, Rena G.
Pollock, Kenneth E.

DEPARTMENT L
Elliott, Jennifer L.
Gaudet, Paul "Mitch"

DEPARTMENT M
Potter, William
Stuart, James

DEPARTMENT N
Harter, Mathew
Levy, Monti Jordana

DEPARTMENT P
Gibbs, Nathan
Pomrenze, Sandra L.

DEPARTMENT S
Ochoa, Vincent
Stoffel, Jason Patrick

DEPARTMENT T
Brown, Lisa M.
Maskall, Maria

REHENTE NG UNIBERSIDAD NG ESTADO
6 NA TAONG TERMINO

DISTRITO 2
Blakely, Robert J.
Hayes, Trevor

DISTRITO 3
Hurst, Tom
Page, Kevin J.

DISTRITO 5
Lieberman, Sam
Spirtos, Nick M.

TAGAPANGASIWA, CLARK COUNTY
DISTRITO NG PAARALAN
4 NA TAONG TERMINO

DISTRITO D
Child, Kevin L.
Corbett, Steven "Stavan"

DISTRITO F
Edwards, Carolyn
Krauss, Ralph

DISTRITO G
Cranor, Erin Earlene
Spencer, Joe

SERIP
4 NA TAONG TERMINO
Burns, Larry
Lombardo, Joe

HUSTISYA NG TAGAPAMAYAPA
NAYON NG LAS VEGAS
KAGAWARAN 12
6 NA TAONG TERMINO
Kamalani, Marian Kahoiwai
Sullivan, Diana L.

MIYEMBRO, MOAPA VALLEY
DISTRITO NG TUBIG
4 NA TAONG TERMINO
LOGANDALE
Carson, Scott Roy
Wheeler, Ryan N.

MIYEMBRO, VIRGIN VALLEY
DISTRITO NG TUBIG MESQUITE
BUMOTO NG 3
Ellestad, Barbara J.
Kepler, Larry John
Miller, Ted
Ramaker, Sandra
Smith, Robert "Bubba"

TAGAPANGASIWA OVERTON DIST
NG KURYENTE 4,
BUNKERVILLE
4 NA TAONG TERMINO
Bunker, Robert
Wilson, Michael F.

TAGAPANGASIWA OVERTON DIST
NG KURYENTE 5, MESQUITE
2 TAONG DI PA TAPOS NA TERMINO
Pugh, Jim
Young, Mike

TAGAPANGASIWA OVERTON DIST
NG KURYENTE 6, MESQUITE
4 NA TAONG TERMINO
Ballweg, David P.
Waite, Douglas P.

TAGAPANGASIWA OVERTON DIST
NG KURYENTE 7, PANGLAHAT
2 TAONG DI PA TAPOS NA TERMINO
Hughes, Shawn Lyle
Hurd, Bill
Metz, Judy
Miller, Steven

2014 MGATANONG SA BALOTA
TANONG NG ESTADO BLG. 1

Amyenda sa Saligang-Batas ng Nevada

Pinagsama'ng Resolusyon ng Senado Blg. 14 sa ika-76 na Sesyon

Dapat ba'ng amyendahan ang *Saligang-Batas ng Nevada* upang lumikha ng Hukuman sa Paghahabol na magbibigay-pasya sa mga iniapela'ng mga desisyon ng Distritong Hukuman sa ilang mga kaso'ng sibil at kriminal?

Oo ☐

Hindi ☐

PALIWANAG AT PANGUNGUSAP

PALIWANAG—Ang panukalang ito sa balota ay nagmumungkahi'ng amyendahan ang Saligang-Batas ng Nevada upang lumikha ng Hukuman sa Paghahabol na binubuo ng tatlo'ng hukom. Ang Kataas-taasang Hukuman ng Nevada ay itatatag ang mga uri ng desisyon na iginawad ng Distritong Hukuman na maaari'ng pakinggan ng Hukuman sa Paghahabol at tukuyin din naman kung ang isang desisyon ng Hukuman sa Paghahabol ay maaaring suriin ng Kataas-taasang Hukuman ng Nevada.

Ang Boto'ng "Oo" ay lilikha ng isang Hukuman sa Paghahabol sa loob ng umiiral na sistema ng hukuman.

Ang boto'ng "HINDI" ay pananatilihin ang umiiral na sistema ng hukuman.

PANGUNGUSAP—Ang Artikulo 6 ng *Saligang-Batas ng Nevada* ay itinatag ang sistema ng hukuman sa Estado ng Nevada, na sa kasalukuyan ay binubuo ng Kataas-taasa'ng Hukuman, Distritong Hukuman, Mga Hukuman ng Kapayapaan, at Hukuman Munisipal. Ang Kataas-taasang Hukuman ng Nevada ang tanging mag isang hukuman upang makapaghabol sa Nevada na dumirinig at nagpapasya sa lahat ng mga apela mula sa mga huling hatol na iginawad ng Hukumang Distrito ng Nevada. Ang panukalang ito sa balota ay lilikha ng Hukuman sa Paghahabol upang pagpasyahan ang ilan sa mga kasalukuyang naka-apela na pinag-papasyahan ng Kataas-taasang Hukuman. Ang Kataas-taasang Hukuman ay kikilalanin ang uri ng mga naging pagpapasya ng Distritong Hukuman upang dinggin ng Hukuman sa Paghahabol at upang matukoy din kung ang naging desisyon ng Hukuman sa Paghahabol ay maaaring surin ng Kataas-taasang Hukuman. Ang panukalang ito sa balota ay lilikha, bubuo, o magdadagdag sa kinikita na galing sa publiko dahil ang umiiral na batas ay humihingi na ang mga kandidato sa pagiging hukom ng Hukuman sa Paghahabol ay magbayad ng kabayaran upang tumakbo sa opisina'ng panghukuman. Ito ay lilikha, bubuo, o magtataas din ng pampublikong kita dahil, kung ang isang tao ay iniapela doon sa Kataas-taasang Hukuman ng Nevada ang isang desisyon ng Hukuman sa Paghahabol, ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay kakailanganin, na ang tao ay magbayad para sa paghahain ng apela.

Ang Hukuman sa Paghahabol ay bubuoin ng tatlong hukom, ngunit ang panukala'ng ito sa balota ay magbibigay pahintulot sa Lehislatura upang dagdagan ang bilang ng mga hukom. Ang Gobernador ay magtatalaga ng paunang tatlong hukom mula sa mga nominado na ibinigay ng Komisyon ng Pagpili Panghukuman. Ang paunang tatlong mga hukom ay matatakdaan ng dalawang-taong termino. Pagkatapos noon, ang mga hukom sa Hukuman ng Paghahabol ay iboboto sa isang takda'ng anim-na-tao'ng termino sa pangkalahatang halalan. Dagdag pa rito, ang isa o mahigit pa'ng hukom ng Hukuman sa Paghahabol ay itatalaga ng Kataas-taasang Hukuman na magsilbi ng bahagi-ng-kanilang oras bilang katulong na hukom sa Distritong Hukuman, kung kinakailangan.

Kung ang panukalang ito sa balota ay aprubahan ng mga botante, ang Mungkahi Bilang 463 sa 2013 Lehislaturang Sesyon ng Senado ay magsasakatuparan sa probisyon ng konstitusyon na lumikha ng Hukuman sa Paghahabol.

ARGUMENTO UPANG MAPAGTIBAY

Ang Kataas-taasang Hukuman ng Nevada ay sobra ang nakatambak na trabaho sa loob ng mga dekada, at nahihirapan upang makapagbigay ng mabilis at maabot ng publiko ang katarungan sa harap ng isang patuloy-na-lumalagong populasyon. Ang dumarami'ng natatambak na mga apela ay nagbibimbin ng katarungan sa Nevada.. Ang Nevada ay isa lamang sa sampu'ng estado na walang Hukuman sa Paghahabol. Ang ating Kataas-taasang Hukuman ay isa sa mga pinaka-abala sa bansa dahil kailangan nitong dinggin at pagpasyahan lahat ng mga apela mula sa huling hatol na iginawad ng 82 mga hukom sa Distritong Hukuman sa Nevada. Bagaman at sinubukan ng ating Kataas-taasang Hukuman na pamahalaan at bawasan ang dami'ng pasan na trabaho nito sa pamamagitan ng teknolohikal na pamamaraan at mga panukala, malaki ang dapat pang gawin upang ang ating sistema ng katarungan ay maging mas mahusay para sa ating mga mamamayan at mga negosyo.

Ang American Bar Association (ABA) ay nagrekomenda na kung ang bilang ng mga umaapela ay maging sobra ang dami at hindi na magawa ng kataas-taasang hukuman ang magbigay ng desisyon sa tamang panahon, ang isang hukuman sa paghahabol ay kinakailanga'ng itatatag. Narating na ng Nevada ang puntos na yaon. Ang rekomendasyon ng ABA na tauna'ng pasan na trabaho ng isang hukom sa paghahabol ay 100 kaso. Ang tauna'ng pasan na trabaho nang bawat isang hustisya sa kataas-taasang Hukuman ng Nevada sa Taon ng (FY) 2013 ay 333, mahigit tatlong beses sa rekomendado'ng bilang ng trabaho.

Bilang resulta ng mabibigat na pasa'ng trabaho'ng ito, kinakailangan ng Kataas-taasang Hukuman na lutasin ang mga kaso sa pamamagitan ng hindi naka-lathala'ng kautusan na magbibigkis lamang ang mga partido sa isang solong kaso, sa halip na malathala ang mga opinyon na magtatatag upang maging alinsunuran ng buong estado para sa lahat ng mga hinaharap na kaso. Sa mga nakaraang taon, dahil sa malawak na oras at pagsisikap na kasangkot sa pananaliksik at pagsusulat ng mga nakalathala'ng opinyon, ang Kataas-taasang Hukuman ay nakapag-palathala lamang ng 3-4 porsiyento ng lahat ng mga kaso. Ang kawalan ng mga nakalathala'ng opinyon ay magiging dahilan upang paulit-ulit na pagtalunan ang magkakamukha'ng mga kaso Ang Hukuman sa Paghahabol ay magbibigay desisyon sa mga paulit-ulit na mga kaso, na magbibigay daan upang ang Kataas-taasang Hukuman ay ipako ang pansin sa magbibigay-pamarisan, mailalathala'ng mga opinyon.

Ang Hukuman sa Paghahabol ay magbibigay ng mas napapanahong abot kamay sa hustisya para sa mga taga Nevada at isang mas matatag na klima ng negosyo para sa umiiral at bagong mga negosyo. Itataguyod nito ang isang mas mabilis na paglutas sa lahat ng mga kaso, kabilang ang naturang personal at sensetibo sa oras na mga bagay-bagay pambatas pamilya, pamamagitan sa mga nareremata, at mga hindi pagkakaunawaan sa negosyo. Ang boto'ng "oo" ay magiging dahilan upang matugunan ng sistema ng hukuman ng Nevada ang mga pangangailangan ng siglo 21 at bigyan ang ating mga mamamayan at mga negosyo ng isang pinabuting antas ng pagsusuri sa inihahabol na mayroon na ang 40 iba pang mga estado.

PAG-SALUNGAT SA ARGUMENTO UPANG MAPAGTIBAY

Ang sistema ng hukuman sa Nevada ay tumatakbo nang walang isang Hukuman sa Paghahabol sa loob ng nakaraang 150 taon, at tinanggihan ng mga botante ang paglikha ng Hukuman sa Paghahabol noong 1972, 1980, 1992, at 2010. Ang nakatambak na mga apela ay hindi marami ang nadagdag simula noong 2010 upang bigyang-katwiran ang paglikha ng isang Hukuman sa Paghahabol ngayon.

May iba pang mga pamamaraan upang pamahalaan ang pasan na trabaho nang hindi lilikha ng isang bagong hukuman sa pagsussuri ng paghahabol. Noong mga nakaraan, kung kailangan ay nagdadagdag ng Lehislatura ng mga hukom sa Distritong Hukuman at mga hustisya sa Kataas-taasang Hukuman upang mahawakan ang dumadami'ng trabaho. Kahit na kailanga'ng gumastos ng karagdaga'ng salapi ng Estado upang mapahusay ang sistema ng hukuman, mas mainam na gastusin ang pera sa pagdaragdag ng mga tauhan sa loob ng umiiral na istraktura ng hukuman sa halip na lumikha ng isang Hukuman sa Paghahabol.

Bagamat ang isang Hukuman sa Paghahabol ay bubuoin muna ng tatlong mga hukom, sa hinaharap ay maaaring magdagdag ang Lehislatura ng iba pang hukom, mga kawani, at mga kagamitan upang mapatakbo ang isang Hukuman sa Paghahabol, na wala namang garantiya ng isang pinabuting sistema ng hukuman. Ang pagdaragdag ng isang bagong hukuman ay maaaring maging karagdagang antala ng hustisya para sa ilang mga may usapin.

Ang boto'ng "hindi" ay ititigil ang paglikha ng isa pang suson sa sistema ng hukuman sa Nevada, pipigil na madagdagan ang paggastos sa ating limitado'ng kayamanan sa sistema ng hukuman, at kumpirmahin, sa ikalimang pagkakataon sa loob ng apat na dekada, na ayaw ng mga botante ng Nevada ng isang Hukuman sa Paghahabol.

NAUUKOL SA TAUNA'NG PANANALAPI

Epekto sa Pananalapi—Oo

Ang Opisina ng Tagapamahala ng mga Hukuman ay nagpahiwatig na ang panukalang ito sa balota ay upang lumikha ng Hukuman sa Paghahabol ay mangangailangan ng humigit-kumulang sa gastos na $800,000 upang mapatakbo sa FY 2015, kaugnay sa pagpili'ng panghukuman, suweldo, at iba

pang gastusin para sa pamamahala ng isang Hukuman sa Paghahabol. Gayunpaman, ang Lehislatura, noong 2013 Sesyon Pambatasan, sa Mungkahi Bilang 474 ng Pagpupulong, ay sumang-ayon na pondohan ang Interim Finance Contingency Account para sa paunang pagpapatupad ng isang Hukuman sa Paghahabol sa FY 2015, nababatay sa pagpasa ng panukalang ito sa balota. Samakatuwid, walang karagdagang pagpopondo na lampas sa dati nang naaprubahan para sa pagpapatakbo ang kakailanganin ng isang Hukuman sa Paghahabol sa FY 2015.

Ipinahiwatig ng Opisina ng Tagapamahala ng mga Hukuman na ang kasalukuyang gastos para sa pangangasiwa ng isang Hukuman sa Paghahabol, kung aprubahan ng mga botante, ay humigit-kumulang sa $1.5 milyon sa bawat taon. Hindi alam sa panahon na ito, gayun pa man, kung gugustuhin ng Lehislatura at ng Gobernador na bigyan ito ng pondo mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado o mula sa ibang pangangailangan.

Ang mga representante ng Kataas-taasang Hukuman ng Nevada ay nagpahiwatig na ang isang Hukuman sa Paghahabol ay ibabahay muna sa mga umiiral na mga pasilidad ng mga hukuman sa hilaga at timog ng Nevada, na mag-iiwas sa pangangailangan ng malaki'ng gastos sa pagtatatag ng Hukuman sa Paghahabol. Kaya, wala'ng apuraha'ng epekto sa pananalapi sa pamahalaan ng Estado ang inaasahang magiging gastos.

Matapos ang unang dalawang-taong termino ng tatlong hukom na itinalaga sa Hukuman ng Paghahabol, ang mga kandidato para sa darating na hudikatura ay hinihingi ng umiiral na batas na magbayad sa Opisina ng Kalihim ng Estado sa paghahain ng kandidatura sa opisina panghukuman. Ito ay magreresulta sa pagtaas sa kita ng Pangkalahatang Pondo ng Estado sa FY 2016, ngunit ang halaga ng pagtaas ay hindi maaaring matukoy sa anumang makatuwirang antas ng katiyakan dahil ang bilang ng mga kandidato ay hindi maaaring mahulaan.

BUONG TEKSTO NG PANUKALA

Pinagsama'ng Resolution ng Senado Blg. 14-Komite sa Panghukuman

TALAKSAN BILANG .....

PINAGSAMA'NG RESOLUTION NG SENADO-pagpapanukala na baguhin ang Saligang-Batas ng Nevada upang lumikha ng isang intermedya'ng hukuman sa Paghahabol.

Pangungusap ng Pambatasa'ng Tagapayo:

Ang Resolution na ito ay nagmumungkahi ng isang pagbabago sa Saligang-Batas ng Nevada upang lumikha ng isang intermedya'ng hukuman upang makapaghabol, na kilala bilang ang hukuman sa paghahabol. Ang hukuman sa paghahabol ay bubuoin ng tatlong hukom, ngunit ayon sa batas ay maaaring taasan ng Lehislatura ang bilang ng mga hukom. Ang paunang tatlong hukom ay kailangang hirangin ng Gobernador mula sa tatlong nominado para sa bawat upuan na pinili ng Komisyon ng Pagpili Panghukuman. Ang paunang mga hukom na ito ay hihirangin para sa isang termino'ng 2 taon simula sa unang Lunes ng Enero ng taon kasunod sa petsa ng pagsusog sa Saligang-batas. Pagkatapos ng paunang termino, ang mga hukom ng hukuman sa paghahabol ay ihahalal sa pangkalahatang halalan upang magsilbi ng isang 6 na taong termino.

Ang hukuman sa paghahabol ay magkakaroon ng saklaw sa paghahabol sa sibil na kaso mula sa distritong hukuman at sa na mga kaso'ng kriminal na nasa orihinal na nasasakupan ng mga distritong hukuman. Ang Kataas-taasang Hukuman ng Nevada ay kailangang ayusin ang saklaw ng hukuman sa paghahabol sa pamamagitan ng panuntunan at magtakda para sa pagsusuri ng mga apela na napagpasyahan ng hukuman sa paghahabol. Bilang karagdagan, ang kataas-taasang hukuman ng Nevada ay dapat magbigay ng panuntunan para sa pagtatalaga ng isa o higit pang mga hukom ng hukuman sa paghahabol upang magtalaga ng isang bahagi ng kanilang oras upang magsilbi bilang mga pandagdag na mga hukom sa distrito, kung saan kinakailangan.

PALIWANAG – Ang paksa na ***naka-matingkad na italika*** ay bago; ang paksa sa pagitan ng mga bracket [tinanggal na materyal] ay materyal na iaalis.

NAPAGKAISAHAN NG SENADO AT KAPULUNGAN NG ESTADO NG NEVADA, SAMA-SAMA, Na ang isang bagong seksyon, itinalagang Seksyon 3A, ay idadagdag sa Artikulo 6 ng Saligang-batas ng Nevada upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 3A. 1. Ang hukuman sa paghahabol ay binubuo ng tatlong mga hukom o mas maraming bilang tulad ng maaaring ibigay ng Lehislatura ayon sa batas. Kung ang bilang ng mga hukom ay dinagdagan, ang Kataas-taasang Hukuman ay dapat magbigay ayon sa panuntunan para sa pagtatalaga ng bawat apela sa isang grupo ng tatlong mga hukom para sa desisyon.

2. Pagkatapos ng paunang termino, ang bawat hukom ng hukuman sa paghahabol ay kailangang inihalal ng mga kwalipikadong botante ng Estado sa pangkalahatang halalan para sa isang termino'ng 6 na taon simula sa unang Lunes ng Enero susunod pagkatapos ng halalan. Ang paunang tatlong mga hukom ng hukuman sa paghahabol ay dapat na hinirang ng Gobernador mula sa tatlong nominado'ng napili para sa bawat indibidwal na upuan sa pamamagitan ng permanenteng Komisyon ng Pagpili Panghukuman na inilarawan sa subseksyon 3 ng seksyon 20 ng Artikulo'ng ito Pagkatapos na matapos ang 30 araw mula sa petsa kung saan ang permanenteng Komisyon ng Pagpili Panghukuman ay dalhin sa Gobernador ang listahan ng mga nominado para sa paunang mga hukom, kung ang Gobernador ay hindi gumawa ng paghirang na hinihingi ng Seksyon na ito, ang Gobernador ay hindi makagawa ng iba pang mga paghirang sa anumang pampublikong tanggapan hanggang ang Gobernador ay magbigay hirang sa hukom mula sa isinumite'ng listahan. Ang termino ng paunang mga hukom ay 2 taon simula sa unang Lunes ng Enero matapos simulan ang petsa ng Seksyon na ito, at ang isang paunang hukom ay maaaring pumalit sa kanyang sarili. Kung mayroong isang pagdaragdag sa bilang ng mga hukom, ang bawat karagdagang hukom ay kailanga'ng inihalal ng mga kwalipikadong botante ng Estado sa unang pangkalahatang halalan matapos ang pagdaragdag para sa isang termino'ng 6 na taon simula sa unang Lunes ng Enero pagkatapos ng halalan.

3. Ang Punong Hukom ng Kataas-taasang Hukuman ay hihirang ng isa sa mga hukom ng hukuman sa paghahabol upang maging punong hukom. Ang punong hukom ay magsisilbi sa loob ng 4 na taon, maliban sa ang termino ng paunang punong hukom ay 2 taon. Ang mga punong hukom ay maaaring humalili sa kanyang sarili. Ang punong hukom ay maaaring magbitiw sa posisyon ng punong hukom ng hindi magbibitiw mula sa hukuman sa paghahabol.

4. Ang kataas-taasang hukuman ay magbibigay ng panuntunan para sa pagtatalaga ng isa o higit pang mga hukom ng hukuman sa paghahabol upang mag-ukol ng isang bahagi ng *kanilang oras upang magsilbi bilang mga pandagdag na mga hukom sa distrito, kung saan* ***kinakailangan****.*

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 1 ng Artikulo 6 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan na basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 1. Ang saklaw panghukuman ng Estado'ng ito **[**ay magiging**]** ***ay*** ibibigay sa isang sistema ng hukuman, na binubuo ng isang Kataas-taasang Hukuman, ***isang hukuman sa paghahabol*****,** hukuman ng distrito [,] at mga hukom ng kapayapaan. Ang lehislatura ay maaari ring magtatag, bilang bahagi ng sistema, ng mga hukuman para sa mga layuning pang-munisipal lamang sa mga na inkorporada'ng mga lungso at bayan.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 4 ng Artikulo 6 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 4. ***1.*** *Ang kataas-taasang hukuman [ay tiyak]* ***at ang hukuman sa paghahabol*** ay mayroo'ng kapangyarihan sa paghahabol sa lahat ng mga kaso'ng sibil na nanggaling sa distritong hukuman, at ganoon din sa lahat ng tanong ukol sa batas sa mga kaso'ng kriminal kung saan ang orihinal na sumbong na pagkakasala ay nasasakupan ng kapangyarihan ng mga distritong hukuman. ***Ang kataas-taasang hukuman ay aayusin ayon sa alituntunin ang kapangyarihan ng hukuman sa paghahabol at maglalaan para sa pagsusuri, kung naaangkop, ng mga apela na pinagpasyahan ng hukuman sa paghahabol.*** Ang [hukuman ay dapat din] ***Kataas-taasang Hukuman at ang hukuman sa paghahabol*** ay may kapangyarihan upang magbigay ng kautusan ng mandamus, kautusan ng mataas na hukom s mas mababang hukuman, pagbabawal, Quo warranto [,] at habyas korpus at gayun din ng lahat ng mga kautusan na kinakailangan o nararapat upang ganapin ang [sa paghahabol nito] kanilang nasasakupan. Ang bawat isa'ng *[sa mga hustisya ay may kapangyarihan upang]* ***hustisya ng Kataas-taasang Hukuman at hukom ng hukuman sa paghahabol ay maaaring*** maglabas ng kautusan ng habyas korpus sa anumang bahagi ng Estado, sa pamamagitan ng petisyon ng, o sa ngalan ng, sinumang tao'ng naka bilanggo *[,]* ***sa Estado'ng ito*** at maaaring gawi'ng ipabalik ang naturang kautusan *[,]* sa *[kanyang sarili]* ***nagpalabas na hustisya o hukom*** o ang *[Kataas-taasang Hukuman,]* ***hukuman kung saan ang hustisya o hukom ay isang miyembro,*** o saan mang distritong hukuman sa Estado o [sa] sinumang hukom ng [nasabi'ng mga hukuman.] ***isang distritong hukuman.***

2. Sa pagkakatao'ng magkaroon ng kapansanan o mawalan ng karapatan, sa anumang dahilan, ng [ang Punong Hustisya o isa sa mga kasamang hustisya] ***ang isang hustisya*** ng Kataas-taasang Hukuman, [o sinumang dalawa sa kanila,] ang Gobernador [ay awtorisado at binigyan ng kapangyarihan upang] ***ay maaarin***g magtalaga [ng sinumang] ***ng hukom ng hukuman sa paghahabol o isang*** hukom ng distrito[o mga hukom] upang upuan ang lugar [o mga lugar] ng [ganoong] ***na*** inalisan ng karapatan o may kapansana'ng hustisya. [o mga hustisya, at ang nasabi'ng hustisya o hukom na itinalaga ay tatanggap ng kanilang] ***Ang mga hukom na itinalaga ng Gobernador ay may karapata'ng tumanggap ng kanyang*** aktwal na gastos ng paglalakbay at kung hindi man ay habang nakaupo sa Kataas-taasang Hukuman.

3. Sa pagkakatao'ng magkaroon ng kapansanan o mawalan ng karapatan, sa anumang dahilan, ang isang hukom ng hukuman sa paghahabol, maaaring magtalaga ang Gobernador ng isang hukom ng distrito upang umupo sa lugar ng may kapansanan o inalisan ng karapatan na hukom. Ang hukom kung sino ay itinalaga ng Gobernador ay may karapatan na tumanggap ng kanyang aktwal na gastos sa paglalakbay at kung hindi man ay habang nakaupo sa hukuman sa paghahabol.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 7 ng Artikulo 6 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 7. Sa panahon ng pagdaraos ng Kataas-taasang Hukuman, ***ang hukuman sa paghahabol*** at ***ang*** mga distritong hukuman [ay tiyak] ***ay dapat*** ayusin ng ayon sa batas. Ang mga takda ng Kataas-taasang Hukuman [ay tiyak] ***ay dapat*** ganapin sa upuan ng pamahalaan maliban kung ang Lehislatura ay hindi payagan ng batas, maliban sa ang Kataas-taasang Hukuman ay maaaring dinggin ang pananalita'ng argumento sa iba pang mga lugar sa Estado. ***Ang mga takda ng hukuman sa paghahabol ay dapat na ganapin sa lugar na ibinigay ng batas***. Ang mga takda ng mga distritong hukuman [ay tiyak] ***ay dapat*** ganapin sa upuan ng kani-kanilang mga probinsiya maliban kung ang Lehislatura ay hindi payagan ng batas.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 8 ng Artikulo 6 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 8. ***1.*** Ang Lehislatura ay tutukuyin ang bilang ng mga hustisya ng kapayapaan na ihahalal sa bawat lungsod at nayon ng Estado [,] at dapat ayusin sa pamamagitan ng batas ang kanilang mga pagkamarapat, ang kanilang mga termino sa opisina at ang mga limitasyon ng kanilang mga sibil at kriminal na nasasakupan, ayon sa mga halaga ng Kontrobersiya, ang likas na katangian ng kaso, ang parusa na ibinigay [,] o anumang kombinasyon ng mga ito.

2. Ang mga probisyon ng seksyo'ng ito na may apekto sa numero, mgapagkamarapat, mga termino ng opisina at saklaw ng mga hustisya ng kapayapaan ay magiging epektibo sa unang Lunes ng Enero, 1979.

3. Ang Lehislatura ay mag-uutos din ayon sa batas ng pamamaraan, at tutukuyin ang mga kaso, kung saan maaaring tanggapin ang mga apela mula sa mga hustisya at iba pang mga hukuman. Ang kataas-taasang Hukuman, ***ang hukuman sa paghahabol*****,** ang distritong hukuman [,] at iba pang katulad na hukuman [,] ayon sa Lehislatura [ay dapat magtalaga, ay magiging] ay itatalaga ang ***mga*** hukuma'ng nakatala.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 11 ng Artikulo 6 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 11. Ang mga hustisya sa Kataas-taasang Hukuman, ***ang mga hukom ng hukuman sa paghahabol*** at ang mga hukom ng distrito [ay magiging] ***ay*** hindi karapat-dapat sa anumang opisina, maliban sa isang panghukuma'ng opisina, sa panahon ng termino kung saan sila [ay tiyak] ay nahalal o hinirang. [; at lahat] Ang ***lahat*** ng mga paghahalal o mga paghirang ng mga tao sa sinumang naturang mga hukom, sa pamamagitan ng mga tao sa Lehislatura [,] o kung iba man [,] sa panahon ng nasabi'ng panahon [,] sa anumang opisina bukod sa panghukuman [, ay magiging] ay walang bisa.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 15 ng Artikulo 6 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 15. Ang mga hustisya ng Kataas-taasang Hukuman**,** ***ang mga hukom ng hukuman sa paghahabol*** at ***ang*** mga hukom ng distrito [ay tiyak] ***ang*** bawat-isa ay ***may karapatan*** upang makatanggap para sa kanilang mga serbisyo ng isang kabayaran na itinakda sa pamamagitan ng batas at bayad sa paraang ibinigay ng batas, na kung saan [tiyak] ***dapat*** ay hindi madadagdagan o mababawasan sa panahon ng termino kung saan sila [ay tiyak] ay inihalal, maliban kung magkaroon ng bakante, kung saan ang kapalit ng huling kasalukuyang nanunungkulan [ay tiyak] ***ay may karapatan*** na tumanggap lamang ng suweldo kung inilaan ng batas sa panahon ng kanyang halalan o pagkahirang**.** [; at ang probisyon ay] ***Ang probisyon ay kailanga'ng*** gawin ng ayon sa batas para sa pagbubukod ng sapat na salapi mula sa taon-taong kinita [,] upang mabayaran ang naturang suweldo.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 20 ng Artikulo 6 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 20. 1. Kapag nangyari'ng nagkaroon ng bakante bago magtapos ang anumang termino ng opisina sa Kataas-taasang Hukuman ***o ng hukuman sa paghahabol*** o sa mga hukom ng distrito, ang Gobernador ay magtatalaga ng hustisya o hukom mula sa tatlong nominado'ng napili para sa naturang indibidwal na bakante sa pamamagitan ng Komisyon ng Pagpili Panghukuman.

2. Ang termino ng opisina ng anumang hustisya o hukom na itinalaga ay magtatapos sa unang Lunes ng Enero kasunod ng sumunod na pangkalahatang halalan.

3. Ang bawat nominasyon para sa Kataas-taasang Hukuman [ay tiyak] ***o ang hukuman sa paghahabol*** ay dapat na gawin ng permanenteng Komisyon, na binubuo ng:

(a) Ang Punong Hustisya o isang kasaman'ng hustisya na itinalaga niya;

(b) Tatlong miyembro ng State Bar ng Nevada, isang pampublikong korporasyon na nilikha sa pamamagitan ng batas, hinirang ng Lupon ng nga Tagapamahala; at

(k) Tatlong tao, hindi mga miyembro ng mga legal na propesyon, hinirang ng Gobernador.

4. Ang bawat nominasyon para sa distritong hukuman [ay tiyak] ***ay dapat*** na gawin ng isang pansamantalang komisyon na binubuo ng:

(a) Permanenteng Komisyon;

(b) Isang miyembro ng State Bar ng Nevada na residente ng distrito ng hukuman kung saan naroon ang bakante, hinirang ng Lupon ng mga Tagapamahala ng State Bar ng Nevada; at

(k) Isang residente ng naturang distrito ng hukuman, hindi isang miyembro ng legal na propesyon, hinirang ng Gobernador.

5. Kung sa anumang oras ang State Bar ng Nevada ay ihinto ang pamamalagi bilang isang pampublikong korporasyon o huminto'ng isali ang lahat ng mga abugado'ng pinapayaga'ng magsanay sa harap ng korte ng Estado, ang Lehislatura ay magbibigay ayon sa batas, o kung hindi nito magawa ang ***Kataas-taasang*** hukuman ay dapat magbigay ng panuntunan, para sa paghirang ng abogado para sa mga posisyon na itinalaga sa Seksyon na ito na ookupahan ng mga miyembro ng State Bar ng Nevada.

6. Ang termino ng opisina ng bawat tagahirang na miyembro ng permanenteng Komisyon, maliban ang mga unang kaanib, ay 4 na taon. Ang bawat awtoridad sa paghirang ay dapat na humirang muna ng isa sa mga miyembro at itakda para sa isang terminong 2 taon. Kung magkakaroon ng isang bakante, kailangang punan ng awtoridad sa paghirang ang bakante para sa hindi natapos na termino na iyon. Ang karagdagang mga miyembro ng isang pansamantalang komisyon [ay tiyak] ***dapat*** na hirangin kapag nangyari ang isang pagka-bakante, at ang kanilang termino [ay tiyak] ay matatapos kapag ang mga nominasyon para sa naturang bakante ay naipahatid na sa Gobernador.

7. Ang isang awtoridad sa paghirang ay hindi dapat magtakda sa permanenteng Komisyon ng mahigit sa:

(a) Isang residente ng anumang mga probinsiya.

(b) Dalawang kasapi ng parehong partidong pampulitika. Walang kasapi ng permanenteng Komisyon ang maaaring maging isang miyembro [a] ***ng*** Komisyon sa Pagdisiplina ng Panghukuman.

8. Pagkatapos matapos ang 30 araw mula sa petsa kung saan ang Komisyon ng Pagpili Panghukuman ay ihatid sa kanya ang listahan ng mga nominado para sa anumang bakante, kung ang Gobernador ay hindi gumawa ng paghirang na kinakailangan ng Seksyon na ito, siya ay hindi dapat gumawa ng iba pang paghirang sa anumang mga pampublikong opisina hanggang sa siya y maghirang ng hustisya o hukom mula sa listahang isinumite. [Kung ang isang komisyon sa pagpili ng hukuman ay itinatag sa pamamagitan ng iba pang seksyon ng Saligang-Batas na ito upang magmungkahi ng tao upang punan ang bakante sa Kataas-taasang Hukuman, ang naturang komisyon ay dapat maglingkod bilang permanenteng Commission na itinatag sa pamamagitan ng subseksiyon 3 ng Seksyon na ito.]

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 21 ng Artikulo 6 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 21. 1. Ang hustisya ng Kataas-taasang Hukuman, ***isang hukom ng hukuman sa paghahabol,*** isang hukom ng distrito, isang hustisya ng kapayapaan o isang munisipal na hukom ay

maaaring, sa karagdagan sa mga probisyon ng Artikulo 7 para sa paghamon, punahin, pagretirohin, ialis o kung hindi man supilin ng Komisyon sa Pagdisiplina Panghukuman. Alinsunod sa mga patakaran na namamahala sa mga apela na pinagtibay ng Kataas-taasang Hukuman, ang isang hustisya o hukom ay maaaring iapela ang kilos ng Komisyon sa Kataas-taasang Hukuman, na maaaring baligtarin ang nasabing kilos o gumawa ng anumang mga alternatibong pagkilos na ibinigay sa subseksyon na ito.

2. Ang Komisyon ay binubuo ng:

(a) Dalawang hustisya o mga hukom na hinirang ng Kataas-taasang Hukuman;

(b) Dalawang miyembro ng State Bar ng Nevada, isang pampublikong korporasyon na nilikha sa pamamagitan ng batas, hinirang ng Lupon ng Tagapamahala nito; at

(k) Tatlong tao, hindi mga miyembro ng mga legal na propesyon, hinirang ng Gobernador. Ang Komisyon ay maghahalal ng isang Chairman mula sa tatlong pangkaraniwang miyembro.

3. Kung sa anumang oras ang State Bar ng Nevada ay ihinto ang pamamalagi bilang isang pampublikong korporasyon o huminto'ng isali ang lahat ng mga abugado'ng pinapayaga'ng magsanay sa harap ng korte ng Estado, ang Lehislatura ay magbibigay ayon sa batas, o kung hindi nito magawa ang ***Kataas-taasang*** hukuman ay dapat magbigay ng panuntunan, para sa paghirang ng abogado para sa mga posisyon na itinalaga sa Seksyon na ito na ookupahan ng mga miyembro ng State Bar ng Nevada.

4. Ang termino ng opisina ng bawat tagahirang na miyembro ng permanenteng Komisyon, maliban ang mga unang kaanib, ay 4 na taon. Ang bawat awtoridad sa paghirang ay dapat na humirang muna ng isa sa mga miyembro at itatakda para sa isang terminong 2 taon. Kung magkakaroon ng isang bakante, awtoridad sa paghirang ay kailangang punan ang bakante para sa hindi natapos na termino na iyon. Ang awtoridad sa paghirang ay hindi maghihirang ng mahigit sa isang residente ng anumang probinsiya. Ang Gobernador ay hindi dapat maghirang nang mahigit sa dalawang miyembro na mula sa parehong partido pampulitika. Walang miyembro ang maaaring maging kasapi nang komisyon sa pagdisiplina panghukuman.

5. Ang Lehislatura ay itatatag:

(a) Bilang karagdagan sa pamumuna, pagpaparetiro at pag-aalis, ang iba pang mga paraan ng aksyon pandisiplina na maaaring ipataw ng Komisyon;

(b) Ang mga batayan para sa pamumuna at iba pang mga aksyon pandisiplina na maaaring ipataw ng Komisyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga paglabag sa mga probisyon ng Kodigo ng Panghukumang Pag-uugali;

(k) Ang mga pamantayan para sa pagsisiyasat ng mga usapin na may kaugnayan sa pagkamarapat ng isang hustisya o hukom; at

(d) Ang pagiging lihim o hindi pagiging kompidensiyal, kung naaangkop, ng paglilitis sa harap ng Komisyon, maliban sa, sa anumang kaganapan, ang desisyon upang punahin, pagretirohin o ialis ang isang hustisya o hukom ay dapat sabihin sa publiko.

6. Ang Kataas-taasang Hukuman ay magpapatibay ng isang Kowd ng Panghukumang Pag-uugali .

7. Ang Komisyon ay magpapatibay ng mga panuntunan ng pamamaraan para sa pamamatnugot ng kanyang mga pagdinig at anumang iba pang mga pamamaraan sa panuntunan na sa palagay nito ay kinakailangan upang isakatuparan tungkulin nito.

8. Walang hustisya o hukom na sa pamamagitan ng Seksiyon na ito ang:

(a) Inalis maliban kung may sadya'ng masamang ugali, matigas ang ulo o paulit-ulit na nabigo'ng maisagawa ang mga tungkulin ng kanyang opisina o paulit-ulit na pagmamalabis; o

(b) Nagretiro maliban sa pagtanda ng edad na gumagambala sa tamang pagganap ng kanyang tungkulin sa hukuman, o dahil sa kaisipan o pisikal na kapansanan na humahadlang sa tamang pagganap ng kanyang tungkulin panghukuman na malamang na maging permanente sa kalikasan.

9. Anumang bagay na may kaugnayan sa pagkamarapat ng isang hustisya o hukom ay maaaring ipadala sa atensyon ng Komisyon sa pamamagitan ng sinuman o sa mosyon ng Komisyon. Ang Komisyon ay, pagkatapos ng paunang pagsisiyasat, babale-walain ang mga bagay o mag-uutos ng isang pagdinig sa harapan nito. Kung ang isang pagdinig ay ipag-utos, ang isang pahayag ng mga bagay [ay tiyak] ***dapat*** isilbi sa hustisya o hukom kung kanino iniharap ang paglilitis. Ang Komisyon sa sarili nitong paghuhusga ay maaaring suspendihin ang hustisya o hukom mula sa pagganap sa kanyang opisina habang lulutasin ang pagpapasiya ng paglilitis sa harap ng Komisyon. Ang sinumang hustisya o hukom na hinahangad na maalis ay may panganib na ipagsakdal at maparusahan ayon sa batas. Ang hustisya o hukom na nagretiro dahil sa kapansanan alinsunod sa Seksyon na ito ay may karapatan pagkatapos noon na makatanggap ng mga kabayaran kung ano ang maaaring ibigay ng Lehislatura.

10. Kung ang isang pagsasakdal ay inihain laban sa isang hustisya ng Kataas-taasang Hukuman, walang hustisya ng Kataas-taasang Hukuman ang maaaring umupo sa Komisyon para sa pagsasakdal na iyon. ***Kung ang isang pagsasakdal ay inihain laban sa isang hukom ng hukuman sa paghahabol, walang hukom ng hukuman sa paghahabol ang maaaring umupo sa Komisyon para sa pagsasakdal na iyon.*** Kung ang isang pagsasakdal ay inihain laban sa isang hukom sa distrito, walang hukom ng distrito na nagmula sa parehong distrito ng hukuman ang maaaring umupo sa Komisyon para sa pagsasakdal na iyon. Kung ang isang pagsasakdal ay inihain laban sa isang hukom sa kapayapaan, walang hukom sa kapayapaan na nagmula sa parehong nayon ang maaaring umupo sa Komisyon para sa pagsasakdal na iyon. Kung ang isang pagsasakdal ay inihain laban sa isang munisipal na hukom, walang munisipal na hukom na nagmula sa parehong lungsod ang maaaring umupo sa Komisyon para sa pagsasakdal na iyon. Kung ang isang apela ay nakuha mula sa isang aksiyon ng Komisyon sa Kataas-taasang Hukuman, sinumang hustisya na nakaupo sa Komisyon para sa paglilitis na iyon ay aalisan ng karapatan na makilahok sa pagsasaalang-alang o desisyon ng apila. Kapag ang sinumang miyembro ng Komisyon ay inalisan ng karapatan sa pamamagitan ng subseksyon na ito, ang Kataas-taasang Hukuman ay magtatalaga ng kapalit mula sa mga karapat-dapat na mga hukom.

11. Ang Komisyon ay maaaring:

(a) Magtalaga para sa bawat pagdinig ng isang abugado o abogado sa batas upang tumayo bilang tagapayo sa pagsasagawa ng paglilitis;

(b) Ipatawag ang mga saksi na humarap at tumestigo sa ilalim ng panunumpa at pilitin ang paglalabas ng mga libro, mga papeles, mga dokumento at mga talaan;

(k) Bigyan ng kalayaan mula sa pag-uusig o kaparusahan kung sa palagay ng Komisyon ay kailangan at tama upang pilitin ang pagbibigay ng testimonya sa ilalim ng panunumpa at ang paglalabas ng mga libro, mga papel, mga dokumento at mga talaan; at

(d) Gampanan ang mga karagdagang kapangyarihan na paminsan-minsan ay kailanga'ng pag-usapan ng Lehislatura.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 3 ng Artikulo 7 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

[Sec:] ***Sec.*** 3. Kung sa anumang makatuwirang dahilan na mangyaring ipasok sa mga talaarawan ng bawat Kabahayan, na maaaring [,] o maaaring hindi maging sapat na mga dahilan para sa paghamon, ang [Punong Hustisya at ang kasama'ng] mga hurado ng Kataas-taasang Hukuman, **ang mga hukom ng hukuman sa paghahabol** at ang mga hukom ng mga hukumang distrito [ay tiyak] **kailangang** alisin mula sa opisina sa pamamagitan ng boto ng 2/3 ng mga miyembro'ng inihalal sa bawat sangay ng lehislatura**.** [, at ang] **Ang** mga hustisya o hukom na inireklamo [, ay tiyak] ***ay dapa***t silbihan ng isang kopya ng reklamo laban sa kanya, at [ay tiyak] magkakaroon ng pagkakataon na dinggin ng harapan o sa pamamagitan ng manananggol para sa kanyang pagtatanggol**.** [, sa kondisyon, na walang] ***Walang*** mga kasapi ng alinmang sangay ng lehislatura [magiging] ***ang*** karapat-dapat upang punan ang bakante dahilan sa nasabi'ng pag-papaalis.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 8 ng Artikulo 15 ng Saligang-Batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

[Sec:] ***Sec.*** 8. Ang Lehislatura ay magbibigay para sa mabilis na pagpapalathala ng lahat ng mga batas ng isang pangkalahatang likas na katangian [,] at ang mga desisyon na yaon ng Kataas-taasang Hukuman [,] ***at ang hukuman sa paghahabol*** kung sa pagtuturing nila ay naaangkop**.** [; at lahat] ***Lahat*** ng mga batas at desisyon ng hukuman [ay tiyak] ***ay dapat*** libre ang pagpapalathala para sa sinumang tao**.** [; ibinigay, na walang] **Walang** paghatol ng Kataas-taasang Hukuman ***o ng hukuman sa paghahabol*** ang gagana at paiiralin hanggang ang opinyon ng hukuman sa nasabing kaso [magiging] **ay** nai-talaksan na sa klerk ng nasabing hukuman.

TANONG NG ESTADO BLG. 2

Amyenda sa Saligang-Batas ng Nevada

Pinagsama'ng Resolusyon ng Senado Blg. 15 sa ika-76 na Sesyon

Dapat ba'ng amyendahan ang *Saligang-Batas ng Nevada* upang alisin ang limitasyon sa pagbubuwis sa mga mineral at iba pang mga pangangailangan at paghihigpit na may kaugnayan sa pagbubuwis sa mga mina, mga pag-angkin sa mina, at mga mineral at sa pamamahagi ng mga salapi'ng natipon mula sa naturang pagbubuwis?

Oo ☐

Hindi ☐

PALIWANAG AT PANGUNGUSAP

PALIWANAG — Ang Panukala'ng ito sa balota ay magpapawalang-bisa sa umiiral na mga probisyon ng *Saligang-Batas ng Nevada* na nagpapataw ng mga kinakailangan at paghihigpit na may kaugnayan sa pagbubuwis ng mga mina, mga pag-angkin sa mina, at mga mineral at sa pamamahagi ng mga salapi'ng natipon mula sa naturang pagbubuwis. Kung ang panukala'ng ito sa balota ay aprubahan ng mga botante, ang Lehislatura, o ang mga tao sa pamamagitan ng proseso ng inisyatiba, ay magagawa'ng ipanukala at gumawa ng batas upang baguhin ang umiiral na mga pamamaraan sa pagbubuwis ng mga mina, mga pag-angkin sa pagmimina, at mga paghukay ng mga mineral na kasalukuyang nakatakda sa *Saligang-Batas ng Nevada.*

Ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay hindi sinasaklaw ang mga minahan at mga pag-angkin sa pagmimina mula sa pagbabayad ng buwis sa ari-aria'ng lupain maliban sa ilang mga patentado'ng mga minahan at pag-angkin sa pagmimina. Ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay nangangailangan din ng pagbubuwis sa mga neto na nalikom magmula sa lahat ng mineral na nakuha sa Estado'ng ito, kabilang ang mga mambato, kansa, langis, gaas, mga haydrokarbon, mga mapagkukunan ng geothermal, at lahat ng iba pang mineral na sangkap. Ang singil ng buwis ay hindi dapat lumagpas sa

5 porsiyento ng mga nalikom na neto. Ang neto ng nalikom ay tutukuyin sa pamamagitan ng pagkalkula ng buo'ng halaga ng lahat ng mineral na nakuha sa pamamagitan ng isang operasyon sa pagmimina at pagkatapos ay ibabawas ang iba't ibang mga pagbabawas para sa ilang mga gastos na natamo sa pagpapatakbo ng mga operasyon sa pagmimina. Ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay ipinagbabawal din ang anumang iba pang uri ng buwis sa isang mineral o napagbentahan nito, tulad ng anumang buwis sa kabuua'ng halaga sa pagmimina o sa mga pribilehiyo ng paghukay ng mineral sa Nevada. Ang panukala'ng ito sa balota ay mag-aalis ng umiiral na mga probisyon na ito sa saligang-batas.

Dagdag pa rito, ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay humihingi ng isang tiyak na halaga ng buwis sa neto ng napagbentahan upang ibahagi sa bawat probinsiya at mga lokal na yunit ng pamahalaan at mga distrito, kabilang ang distrito ng paaralan, sa loob ng probinsiya kung saan ang mga mineral ay hinukay. Ang pamamahagi'ng ito ay dapat gawin sa mga sangay na ito sa parehong sukat habang sila ay naghahati sa lokal na pagbubuwis sa ari-arian. Ang panukala'ng ito sa balota ay mag-aalis ng mga umiiral na mga probisyon sa saligang-batas na ito.

Sa katapusan, ang *Saliga'ng-batas ng Nevada* ay magtatatag ng espesyal na mga panuntunan sa paniningil ng buwis sa mga lupain bilang isang patentado'ng minahan o pag-angkin sa pagmimina. Ang isang tao na may patento sa minahan o sa pag-aangkin sa minahan ay may karapatan na mag-ari sa buo'ng lupain, kabilang ang ibabaw at ang anumang mga mineral sa ilalim ng lupa, kahit hindi na alintana na ang mga minerales na minimina. Sa kaibahan, ang isang tao na walang patento sa minahan o sa pag-angkin sa minahan ay may pagmamay-ari lamang sa anumang mga mineral na nasa ilalim ng lupa. Ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay nagsasabi na ang isang patentado'ng minahan o pag-akin sa pagmimina ay sumasailalim sa pagbabayad ng buwis ng ari-aria'ng lupain, maliban sa walang halaga ang maaaring maiugnay sa: (1) anumang mga mineral sa ilalim ng lupa; at (2) sa ibabaw ng lupa kung ang $100 ay ginastos sa pag-linang sa minahan o pag-angkin ng pagmimina sa nakaraang taon. Ang panukala'ng ito sa balota ay mag-aalis sa mga umiiral na mga probisyon na ito sa saligang-batas.

Ang boto'ng "OO" ay mag-aalis sa probisyon ng *Saligang-Batas ng Nevada* na nagpapataw ng isang limitasyon sa pagbubuwis ng mineral at nais alisin ang iba pang mga konstitusyunal na mga hinihingi at paghihigpit sa pagbubuwis ng mga mina, pag-angkin sa pagmimina, at mineral at ang pamamahagi ng mga pera na nalikom mula sa naturang pagbubuwis.

Ang boto'ng "HINDI" ay pananatilihin ang mga probisyon ng Saligang-batas ng Nevada na nagpapataw ng isang limitasyon sa pagbubuwis ng mineral at pananatilihin ang iba pang mga konstitusyunal na mga hinihingi at paghihigpit sa pagbubuwis ng mga mina, pag-angkin sa pagmimina, at mineral at ang pamamahagi ng mga pera na nalikom mula sa naturang pagbubuwis.

PANGUNGUSAP—Ang panukala'ng ito sa balota ay lilikha, bubuo, o mag-tataas ng pampublikong kita dahil aalisin nito ang mga umiiral na mga probisyon ng Artikulo 10 ng *Saligang-batas ng Nevada* na hindi sumasaklaw sa buwis ng mga mina at pag-angkin sa pagmimina mula sa pagbabayad ng buwis sa ari-aria'ng lupain, at sa gayon ay isasa-ilalim ang mga mina at pag-angkin sa pagmimina sa pagbabayad ng buwis sa mga ari-aria'ng lupa. Gayunpaman, ipinasa ng Lehislatura sa Senado ang Mungkahi Blg. 400 noong 2013, na magiging batas kung ang panukala'ng ito sa balota ay aprubahan ng mga botante. Ang batas ay hindi sasaklaw sa mga wala'ng patento'ng pag-angkin sa pagmimina mula sa paniningil ng buwis sa mga lupang ari-arian at magsasabi'ng, sa pagtukoy sa mga maaaring buwisa'ng halaga ng patentado'ng pag-angkin sa pagmimina at iba pang mga ari-arian, ang halaga ng anumang mga mineral na naka-deposito sa kanyang natural na estado na nakakabit sa lupa ay ibubukod mula sa pag-tutuos ng maaaring bubuwisa'ng halaga ng ari-arian.

Hinihingi ng *Saligang-Batas ng Nevada* sa Lehislatura na magpataw ng buwis sa mga neto ng natipon ng lahat ng mineral na nakuha sa Estado'ng ito sa isang singil na hindi lalagpas sa 5 porsiyento ng neto'ng nalikom. Ipinagbabawal din nito ang anumang iba pang uri ng pagbubuwis sa isang mineral o napagbentahan nito, tulad ng anumang buwis sa pagmimina sa kabuua'ng halaga o sa mga pribilehiyo sa paghukay ng mineral sa Nevada. Ang umiiral na batas ay hindi sumasaklaw sa mga nakukuha'ng mineral mula sa buwis ng ilang personal na ari-arian at nagpapataw ng isang pataas na pagbubuwis sa mga neto'ng nalikom sa Estado'ng ito, na may isang pinakamababa'ng singil'ng 2 porsiyento at ang pinakamataas na singil ay 5 porsiyento. Ang umiiral na batas nagpapataw din ng 5 porsiyento'ng buwis para sa darating na susunod na mapagbibilhan ng mga mineral.

Ang Mungkahi ng Senado Blg. 400, na magiging batas kung ang panukala'ng ito sa balota ay aprubahan ng mga botante, ay papalitan sa pamamagitan ng taripa ang kasalukuyang pagbubuwis sa neto ng natipon at susunod na mapagbibilhan matapos makuha ang mineral susunod na mapagbibilhan nito para sa mga pribilehiyo ng pagmimina sa Nevada. Ang singil ng taripa ay magiging katimbang ng umiiral na singil sa buwis. Ang batas ay hindi sasaklaw sa buwis ng mga nakuha'ng mineral at susunod na mapagbibilhan kung ang buwis sa personal na ari-arian ay napapailalim sa taripa.

Ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay humihingi na ipabahagi ang ilang halaga ng mga neto'ng nalikom ng umiiral na buwis sa bawat probinsiya at mga lokal na yunit ng pamahalaan at mga distrito, kabilang ang distrito ng paaralan, sa loob ng probinsiya kung saan nakuha ang mineral. Dapat na magawa ang pamamahagi'ng ito sa mga sangay ng pare-pareho ang laki tulad ng paghahati nila sa lokal na buwis sa ari-arian. Ang Mungkahi ng Senado Blg. 400, na magiging batas kung ang panukala'ng ito sa balota ay aprubahan ng mga botante, ay humihingi ng pareho'ng pamamahagi sa mga sangay mula sa taripa sa mineral na nakuha at susunod na mapagbibilhan.

ARGUMENTO UPANG MAPAGTIBAY

Dumating na ang oras upang alisin ang mga probisyon sa *Saligang-Batas ng Nevada* na nagbigay sa industriya ng minahan ng espesyal na trato sa pagbubuwis. Ang pagmimina ay nagtamasa ng proteksyon ng saligang-batas para sa iba't ibang mga pagbubuwis simula nang ang Nevada ay naging isang estado noong 1864. Higit kamakailan lamang, noong panahon ng 1980, ang industriya ng minahan ay nangampanya upang ipasa ang isang susog sa saligang-batas na pipigil sa Nevada na buwisan ang industriya katulad ng pamamaraan ng iba'ng mga estado at maglagay ng isang limitasyon sa singil sa buwis sa pagmimina. Habang ang mga proteksyon na ito ay maaaring maging makahulugan sa nakaraan, ang panahon ay nagbago at ang Estado ay dapat na magkaroon ng kakayahang umangkop upang mapagtibay ang mga patakaran sa buwis na mas mahusay na nagpapakita ng kasalukuyang kundisyon at matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga taga Nevada.

Ang mga mineral, tulad ng ginto, pilak, at lithium, ay hindi napapalita'ng kayamanan. Kapag ang mga kayamana'ng mineral ay tinanggal mula sa lupa, wala na ang mga ito at ang Estado ay maiiwan na may isang pilat na tanawin. Sa nasabing maaaring maging pagka-ubos ng mga kayamana'ng ito, kailanga'ng magawang ayusin ng Nevada ang mga patakaran nito sa buwis ng pagmimina tulad ng ginagawa ng iba pang mga estado, at hindi paghigpitan ng hindi maibaluktot na mga limitasyon ng saligang batas. Ang iba pang mga estado ay magagawa'ng buwisan ang pagmimina sa mga paraan na mas tumutugon sa permanenteng pag-alis ng kakaunti at hindi napapalita'ng kayamanan sa industriya. Ang isa pang dahilan na maaaring isaalang-alang ay dahil marami sa mga pangunahing minahan sa Estado ay pagmamay-ari ng mga kumpanya na may himpilan sa labas ng Nevada na yumayaman sa ating limitado'ng kayamanan at dinadala ang kita sa labas ng estado.

Tulad ng nakasulat sa kasalukuyan, ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay nililimitahan ang pagbubuwis sa nakukuha'ng mineral ng 5 porsiyento ng mga neto'ng natipon, na nagbibigay-daan sa mga

kumpanya ng mina na ibawas ang maraming mga gastos sa pagpapatakbo bago magbayad ng buwis. Dahil sa mga ibinabawas na ito, ang industriya ng pagmimina sa banda'ng huli ay nagbabayad lamang ng mga buwis sa nahukay na mineral na kumakatawan lamang sa 2-2.5 porsiyento ng kabuua'ng kita nito. Ang proteksyon ng industriya ng pagmimina mula sa saligang-batas ay hindi makatarungan sa ibang mga negosyo at mga industriya sa ating Estado at dapat alisin.

Ang Nevada ay mayaman sa kayamana'ng mineral—kaya nga ang ating naging palayaw, ang Pilak na Estado. Tayo ang nangungunang pinagkukunan ng ginto sa Estados Unidos at, noong 2011, ay ikawalo sa pinakamalaki'ng taga-gawa sa mundo. Sa kabila ng anumang mga paghahabol na kasalungat, ang mga kumpanya ng minahan ay mananatili dito hangga't mayroong mga kayamanan na maaaring minahin.

Ang boto'ng "oo" ay aalisin ang mga espesyal na proteksyon ng saligang-batas para sa pagmimina at bibigyan ang ating Estado ng kakayahan upang mabago nito ang mga patakaran sa buwis upang pondohan ang mga paaralan, mga kalsada, at ang mahahalagang serbisyo na naaangkop.

PAG-SALUNGAT SA ARGUMENTO UPANG MAPAGTIBAY

Simula noong 1864, ang *Saligang-Batas ng Nevada* ay humihingi ng pagbubuwis sa mga napagbentahan ng mineral mula sa mga mahalagang industriya ng pagmimina sa Nevada. Noong 1989, upang masiguro na ang industriya ng mina ay magbabayad nang isang malaking bahagi ng mga buwis, ang mga botante ay inaprubahan ang isang susog sa saligang-batas na pinahihintulutan ang isang pagtaas sa singil ng buwis sa neto ng natipon mula sa mga mineral. Ngayon, ang industriya ng pagmimina ay nagbabayad ng daan-daang-milyo'ng dolyar sa mga buwis, nagbibigay ng mga trabaho na may mataas na suweldo, at sumusuporta sa ating mga komunidad sa hindi mabilang na iba pang mga paraan. Hindi ngayon ang oras upang baguhin ang *Saligang-Batas* at takutin ang mahalaga'ng industriya ng Nevada at ang mga komunidad na sinusuportahan nito.

Bilang karagdagan sa pagbabayad ng mga buwis sa neto ng natipon, ang mga kumpanya ng minahan ay nagbabayad ng mga bayarin at mga buwis tulad ng iba pang negosyo sa Nevada, tulad ng mga lisensya at bayad sa permit, mga buwis sa suweldo ng empleyado, at personal na ari-arian at buwis sa pagbili ng mga mamahali'ng kagamitan na kinakailangan para sa mga pagpapatakbo ng minahan. Ang tanong na ito sa balota ay hindi kailangan. Ang Lehislatura ay mayroo'ng kapangyarihan upang taasan ang mga kita sa pamamagitan ng pagpapa-taas ng umiiral na mga bayarin at mga buwis o paglikha ng mga bago na ipapatong nang pantay-pantay sa pagmimina at iba pang mga negosyo sa Nevada.

Ang minahan ay nagbibigay ng mahigit sa 12,000 trabaho sa Nevada, at ito ay nagbabayad ng tauna'ng katamtama'ng pasahod na higit sa $87,000, isa sa mga pinakamataas na pamantayan sa Estado. Sa pamamagitan ng paggastos ng salapi sa ating komunidad, ang mga kumpanya ng mina at ang kanilang mga empleyado at pamilya ay sinusuportahan ang ating mga lokal na negosyo at tumutulongsa pagunlad ang ating ekonomiya. Libo-libong iba pang mga trabaho ang nalilikha sa bawat taon dahil ang industriya ng pagmimina ay gumagamit ng mga paninda at serbisyo na ibinigay ng ating mga lokal na negosyo. Kung wala ang mataas na pasuweldo sa trabaho sa industriya ng pagmimina, ang ekonomiya ng Nevada ay magdurusa at marami sa mga trabaho'ng ito ang mawawala.

Ang Pagmimina ay isang mahal at mapagsapalara'ng negosyo na nangangailangan ng malaking puhunan para sa paggalugad, pagkuha, transportasyon, pagpoproseso, at pagpapanumbalik sa pangkapaligiran, na walang garantiya na makakakita ng mga mineral o tutubo. Ang mga presyo ng mineral ay hindi mahuhulaan at maaaring magbago ng mabilis, na hahantong sa higit pang kawalan ng katiyakan para sa industriya. Ang pagpapanatili sa *Saligang-Batas ng Nevada* ng buwis ng neto

ng natipon ay magpapanatili sa ating nahuhulaa'ng istraktura ng buwis at magpapaunlad sa mga mahahalagang pamumuhunan sa ekonomiya sa industriya ng Nevada.

Ang boto'ng "hindi" ay pananatilihin ang probisyon ng saligang-batas na tumutulong sa Nevada upang maging isang Pandaigdiga'ng lider sa pagmimina at masiguro ang isang malakas na industriya sa pagmimina na magpapatuloy na mamuhunan at lumikha ng mahalagang trabaho sa ating komunidad para sa marami pang mga taon.

NAUUKOL SA TAUNA'NG PANANALAPI

Epekto sa Pananalapi—Wala

Ang panukala'ng ito sa balota ay mag-aalis sa umiiral na mga probisyon ng *Saligang-batas ng Nevada* na hindi sumasaklaw sa mga minahan at pag-angkin sa pagmimina mula sa buwis sa lupa'ng ari-arian, at sa gayon ay gawing sasakupin ang mga mina at pag-angkin sa pagmimina na sumailalim sa pagbubuwis ng lupa'ng ari-arian. Gayunpaman, ang Mungkahi ng Senado Blg. 400 sa 2013 Sesyon Pambatasan, na magiging batas kung ang panukala'ng ito sa balota ay aprubahan ng mga botante, ay magbibigay ng katulad na hindi pagsaklaw sa mga buwis sa lupa'ng ari-arian. Kaya, walang inaasahang pinansiyal na mga epekto sa kita ng buwis sa lupa'ng ari-arian na natatanggap ng Estado at lokal na pamahalaan.

Dagdag pa rito, ang panukala'ng ito sa balota ay mag-aalis sa umiiral na mga probisyon ng *Saligang-Batas ng Nevada* na humihingi'ng magpataw ang Lehislatura ng buwis sa mga neto ng natipon ng lahat ng mineral na nakuha sa Estado'ng ito sa isang tasa na hindi lalagpas sa 5 porsiyento ng mga nalikom na neto. Gayunpaman, Ang Mungkahi ng Senado Blg. 400 ay papalitan ng isang taripa ang umiiral na paniningil ng buwis mula sa neto ng napagbentahan sa oras na nakuha ang mineral at sa mga darating na kikitahin. Ang mga tasa ng buwis sa ilalim ng taripa ay magiging katumbas ng umiiral na mga tasa ng buwis, kaya walang magiging pagbabago sa pormula para sa pagkalkula ng mga kita na nakuha ng taripa para sa estado at lokal na pamahalaan. Ang Mungkahi ng Senado Blg. 400 ay nais ding gamitin ang kaparehong pormula para sa pamamahagi ng taripa sa Estado at lokal na pamahalaan na kasalukuyang ginagamit para sa buwis ng neto'ng nalikom. Kaya, walang mga inaasahang pinansiyal na epekto sa kita sa buwis na matatanggap ng Estado at lokal na pamahalaan mula sa paghukay ng mineral.

Panghuli, ang panukalang ito sa balota ay mag-aalis ng umiiral na mga probisyon sa *Saligang-batas ng Nevada* na hindi sumasaklaw sa mineral at sa kanilang mga natipon mula sa buwis ng personal na ari-arian. Gayunpaman, ang Mungkahi ng Senado Blg. 400 ay hindi sasaklaw sa nakuhang mineral sa pagbubuwis ng personal na ari-arian kung ang mga ito ay nasasaklaw ng taripa. Kaya, walang inaasahang pinansiyal na epekto sa kikitahin mula sa buwis ng personal na ari-arian na matatanggap ng Estado at lokal na pamahalaan.

BUONG TEKSTO NG PANUKALA

Pinagsama'ng Resolution ng Senado Blg. 15–Komite sa Nalikom na Salapi

TALAKSAN BILANG .....

PINAGSAMA'NG RESOLUTION NG SENADO-pagpapanukala na baguhin ang Saligang-Batas ng Nevada upang pawalang-bisa ang probisyon na nagtatatag ng isang hiwalay na singil ng buwis at naglalaan para sa pagsisingil at pagbabayad ng buwis sa neto'ng nalikom ng mga mina.

Pangungusap ng Pambatasa'ng Tagapayo:

Ang seksyon 5 ng Artikulo 10 ng Saligang-batas ng Nevada ay naglalaan para sa isang pagbubuwis sa mga neto'ng nalikom ng mga minahan kung saan ay hiwalay mula sa buwis na ipinataw sa lahat ng iba pang ari-arian. Ang resolution na ito ay nagmumungkahi na pawalang-bisa ang probisyon sa saligang-batas na nagtataguyod ng isang hiwalay na buwis sa neto'ng natipon ng mga mina.

PALIWANAG – Ang paksa na ***naka-matingkad na italika*** ay bago; ang paksa sa pagitan ng mga bracket [tinanggal na materyal] ay materyal na iaalis.

NAPAGKAISAHAN NG SENADO AT KAPULUNGAN NG ESTADO NG NEVADA, SAMA-SAMA, Na ang Seksyon 1, ng Artikulo 10 ng Saligang-batas ng Nevada ay amyendahan upang basahin tulad ng mga sumusunod:

Sec. 1. 1. Ang Lehislatura ay magbibigay ayon sa batas ng isang pare-pareho at pantay-pantay na singil ng paghahalaga at pagbubuwis, at mag-aatas ng ganoong mga regulasyon at sisiguruhin ang isang tamang pagsusuri para sa pagbubuwis ng lahat ng ari-arian, lupain, personal at pagkamaytaglay. [, Maliban sa mga mina at pag-angkin sa pagmimina, kung saan ay dapat na singilin at buwisan lamang tulad ng ibinigay sa Seksyon 5 ng Artikulo na ito.]

2. Pagbabahagi ng sapi,bono, sangla, mga tala, mga deposito sa bangko, aklat ng kuwenta at mga kredito, at mga mahalagang papel at mga kamukha'ng pili sa paggawa na itinuturing na kumakatawan sa interes ng ari-arian na natasa na at binubuwisan, nasa Nevada man o sa ibang lugar, at hindi sasaklawin.

3. Maaaring gawin ng Lehislatura na ang mga lupai'ng pang-agrikultura at bukas ang kalawakan ay gamitin sa iba pang kapaki-pakinabang na paraan kaysa sa kasalukuyang paraan ng paggamit, bilang isang nakahiwalay na halimbawa para sa layunin nang pagbubuwis at maaaring magbigay ng hiwalay na magkakatulad na plano para sa pagtatasa at paghahalaga ng naturang ari-arian para sa layuning malaman ang halaga. Kung ang plano'ng yaon ay inilaan, ang Lehislatura ay maglalaan din para sa mga paghahalaga na may bisa mula sa nakaraa'ng pagtatasa para sa isang panahon ng hindi bababa sa 7 taon kapag ang pang-agrikultura at bukas ang kalawakan na ari-aria'ng lupain ay iniba para sa isang mas mataas na paggamit katulad ng paggamit kung paano ng ibang mga kalapit na ari-arian ay ginagamit.

4. Ang personal na ari-arian kung saan ay dinala mula sa kalakal ng ibang estado sa o idinaan sa teritoryo ng Estado ng Nevada o kaya ay inihabilin sa isang bodega, publiko o pribado, sa loob ng Estado ng Nevada mula sa labas ng Estado ng Nevada upang ilagak habang dinadala sa huli'ng patutunguhan sa labas ng Nevada, tinukoy man o hindi nang magsimula o matapos ang paghahakot, ay ipagpapalagay na hindi taga Nevada para sa layunin ng pagbubuwis at walang saklaw ng pagbubuwis. Ang nasabing mga ari-arian ay hindi dapat pagkaitan ng naturang hindi pagsaklaw dahil habang nasa bodega ang ari-arian ay binuo, nakatali, pinagsugpong, naproseso, pinaghiwa-hiwalay, hinati, hiniwa, binasag nang maramihan, binago ang etiketa o isinupot muli.

5. Ang Lehislatura ay maaaring hindi saklawan ang mga sasakyang de-motor mula sa mga probisyon ng pagbubuwis na kinakailangan ng Seksyon na ito, at sa halip nito, kung ang nasabing hindi pagsaklaw ay ibinigay, ay magbibigay ng isang pare-pareho at pantay-pantay na tasa ng halaga at pagbubuwis ng sasakyang de-motor, kung saan ang tasa ay hindi lalagpas sa limang sentimo sa isang dolyar ng tinasang paghahalaga.

6. Ang Lehislatura ay magbibigay ayon sa batas ng isang progresibo'ng pagbabawas sa buwis sa mga imbentaryo ng negosyo na 20 porsyento sa bawat taon kasunod ng pag-angkin ng probisyon na ito, at pagkatapos na matapos ng ika-4 na taon na ang mga imbentaryo ay walang saklaw mula sa pagbubuwis. Ang Lehislatura ay maaaring hindi saklawin ang anumang iba pang mga personal na ari-arian, kabilang ang mga alagang hayop.

7. Kailanman ay walang buwis na ipapataw sa mga mana.

8. Ang Lehislatura ay maaaring hindi saklawin ayon sa batas ang ari-arian na ginagamit para sa mga munisipal na, pang-edukasyon, pampanitikan, pang-agham o iba pang mga layunin sa pagkakawanggawa, o upang hikayatin ang konserbasyon ng enerhiya o ang pagpapalit ng iba pang mga pinagkukunan para sa mga natira'ng pinagkukunan ng enerhiya.

9. Walang buwis sa kinita ang ipapataw sa mga sahod o personal na kita ng natural na tao. Sa kabila ng nabanggit na probisyon, at maliban kung hindi man ibinigay sa subseksyon 1 ng Seksyon na ito, ang mga buwis ay maaaring ipataw para sa tinubo sa loob ng Estado.

10. Ang Lehislatura ay maaaring maglaan ayon sa batas para sa isang pagbabawas ng buwis sa sandaling o ang isang hindi pagsakop sa bahagi ng tasang halaga ng isang tahanan-ng-pamilya na tinitirhan ng may-ari kung kinakailangan upang maiwasan ang lubhang paghihirap pang-ekonomiyang ng may-ari ng bahay.

At mangyaring PINAGKAISAHAN pa din, Na ang Seksyon 5 ng Artikulo 10 ng Saligang-Batas ng Nevada sa pamamagitan nito ay pinawalang-bisa.

TANONG NG ESTADO BLG. 3

Amyenda sa Titulo 7, 32, 52, 53, 54, 55, 56, 57 ng Nevada Revised Statutes

Dapat ba'ng amyendahan ang Nevada Revised Statutes upang lumikha ng 2% buwis na ipapataw sa kabuua'ng kinita ng mga sangay na nagsasagawa ng negosyo sa Nevada na ang kabuua'ng pumasok na kinita sa isang dapat ipagbayad ng buwis ng anumang taon ay lumagpas sa $1 million, na ang mga nasingil na buwis ay mapupunta sa State Distributive School Account na hahati-hatiin sa mga iba't-ibang paaralan ng distrito at mga iba pang chartered na eskuwelahan sa Nevada?

Oo ☐ Hindi ☐

PALIWANAG AT PANGUNGUSAP

PALIWANAG-Ang panukala'ng ito sa balota ay nagmumungkahi na magpataw ng isang dalawang-porsiyento (2%) buwis sa tinubo ng mga sangay sa negosyo sa Nevada na may kabuua'ng kita na labis sa $1,000,000, at hinihingi ito na ang mga nalikom na buwis ay gagamitin upang pondohan ang operasyon ng mga pampublikong paaralan sa Estado'ng ito para sa kindergarten hanggang ika-12 grado. Kung ang panukala'ng ito sa balota ay sang-ayunan ng mga botante sa Pangkalahatang Halalan ng 2014, ang naaangkop na mga buwis sa tinubo ay magkakaroon ng epekto sa Enero 1, 2015.

Ang panukala sa balota ay kasama ang isang hindi pagsaklaw sa pagbubuwis ng isang natural na tao na hindi nakikibahagi sa negosyo, tahimik na sangay, sangay ng gobyerno, mga organisasyon na hindi pinagbabayad ng buwis at mga credit union na pinahintuluta'ng magsagawa ng negosyo sa Nevada. Gayundin, ang anumang mga sangay ng negosyo na may kabuua'ng kita'ng $1 milyon o mas mababa ay hindi napapailalim sa buwis na tinubo. Ang buwis ay ilalapat sa lahat ng *ibang* mga negosyo at mga organisasyon na may kabuua'ng kita na labis sa $1 milyon sa anumang maaaring pabuwisa'ng taon.

Ang panukala sa balota ay ipapataw ang 2% halaga ng buwis sa bubuwisa'ng tinubo ng sangay. Sa ilalim ng panukala sa balota, ang bubuwisa'ng kita ng isang sangay ng negosyo ay tutukuyin sa pamamagitan ng paglalaan sa *mas kakaunti* ng:

(i) ang 70% ng kabuua'ng kita ng sangay; o

(ii) kabuua'ng kita ng sangay ibawas ang alinman sa: (a) ang gastos ng mga kalakal na ibinenta; o (b) ang halaga ng kabayaran na ibabayad sa mga may-ari at mga empleyado nito.

Ang 2% buwis ay ipapataw sa porsyento ng tinubo’ng ito na tumutugma sa porsyento ng kabuua’ng negosyo ng sangay na idinaraos sa Nevada. Ang isang sangay ng negosyo na nagbabayad ng umiiral na buwis sa pasahod, karaniwa’ng tinutukoy bilang ang binagong buwis sa negosyo, ay maikekredito para sa halagang iyon laban sa halaga ng magiging utang nito sa ilalim ng panukalang ito.

Kapag sang-ayunan ng mga botante, ang mga nalikom mula sa buwis ay ididеposito sa State Distributive School Account (DSA) doon sa Pangkalahata’ng Pondo ng Estado at paghahati-hatiin sa iba’t-iba’ng mga distrito ng paaralan at mga paupaha’ng paaralan sa pamamaraan na ibinigay ng batas upang pondohan ang K- 12 ng pampublikong edukasyon. Ang DSA ay nagbibigay ng pangunahing pinagkukunan ng pondo ng pampublikong edukasyon para sa 17 paaralan sa distrito ng probinsiya sa Nevada at iba't-ibang mga chartered na eskuwelahan. Ang DSA ay pinopondohan ng mga paglalaan ng lehislatura mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado at iba pang mga kita. Ang panukala sa balota ay hindi babaguhin kung paano maaari’ng gastusin o ilaan ang pondo na nasa DSA.

Ang boto’ng "Oo" ay magpapataw ng 2% buwis sa tinubo ng mga negosyo sa Nevada na ang kita ay labis sa $1 milyon na ang mga nalikom na buwis ay idine-deposito sa Distributive School Account doon sa Pangkalahatang Pondo ng Estado at gagamitin upang pondohan ang K-12 ng pampublikong edukasyon.

Ang boto’ng "Hindi" ay pananatilihin ang umiiral na pananagutan sa buwis para sa mga negosyo sa Nevada at pananatilihin ang mga umiiral na mga pinagkukunan ng pagpopondo ng edukasyon hanggang K-12.

PANGUNGUSAP – Ang panukala’ng ito sa balota ay gagawa, magbibigay at magpa-pataas sa pampublikong kita. Ang umiiral na batas ay nagbibigay para sa pangongolekta at pagpapatupad ng iba't ibang mga buwis ng Kagawaran sa Pagbubuwis. Ang panukala sa balota na ito ay aamyendahan at magdadagdag sa mga umiiral na batas sa pamamagitan ng paglikha ng isang bagong buwis. Ang bagong batas ay magpapataw ng isang 2% buwis sa tinubo ng kabuua’ng kita ng ilang mga negosyo sa Nevada na ang kabuua’ng kita ay lumagpas $1 milyon sa anumang bubuwisa’ng taon.

Ang panukalang ito ay hihingin na ang buwis ay pangasiwaan at kolektahin ng Kagawaran sa Pagbubuwis ng Nevada. Upang mapagtakpan ang gastos sa pamamahala ng buwis bago makolekta ang mga nalikom, ang panukala’ng ito ay mangangailangan ng pansamantalang pagtaas ng binagong buwis sa negosyo na tinasa at binayaran ng mga institusyon ng pananalapi sa Nevada. Ang umiiral na 2% binagong buwis sa negosyo na kasalukuyan ay binabayaran ng mga institusyon ng pananalapi ay pansamantalang dadagdagan ng 2.29% porsiyento simula sa Enero 1, 2015. Ang pangalawa’ng pansamantalang pagtaas na 2.42% ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2015. Sa Hulyo 1, 2016, ang binagong halaga ng buwis sa negosyo sa mga institusyon ng pananalapi ay babalik sa kanyang kasalukuyang halaga’ng 2%.

Kung sang-ayunan, ang sumusunod na halaga ng mga pondo ay ilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado patungo sa Kagawaran ng Pagbubuwis para sa pauna’ng gastos sa pamamahala ng buwis: (i) $1,400,000 para sa pananalapi ng taon 2014-2015; at (ii) $4,200,000 para sa pananalapi ng taon 2015-2016. Kung ang kita na nakamit sa pagtataas ng halaga sa binagong buwis sa negosyo para sa mga institusyon ng pananalapi ay hindi sapat upang masaklawan ang buong halaga ng alinman sa paglalaan, ang paglalaan na iyon ay babawasan nang sa gayon ay hindi magkaroon ng kakulangan.

ARGUMENTO UPANG MAPAGTIBAY

Ang Inisyatiba sa Edukasyon

Ang boto'ng "Oo" sa Tanong 3 - ang Inisyatiba sa Edukasyon - ay magbibigay sa ating mga paaralan ng isang mahuhulaang pagmumulan ng pondo na kailangan upang magbigay ng mas mahusay na edukasyon para sa mga mag-aaral ng Nevada. Iniulat ng mga eksperto na ang isang mahusay na pagpopondo sa edukasyon ay magreresulta sa isang mas mahusay na trabaho at mas mataas na sahod. Ang isang may kalidad na edukasyon para sa ating mga anak ay magtitiyak ng kanilang tagumpay at ang tagumpay ng ekonomiya ng Nevada.

Ang salapi mula sa buwis na ito ay pupunta nang diretso sa edukasyon sa K-12. Ang pangunguna "ay nangangailangan na ang mga nalikom na buwis ay gagamitin upang pondohan ang operasyon ng mga pampublikong paaralan sa estado'ng ito." Ang buwis na ito ay magbibigay ng salapi upang magbayad para sa mas maliit na sukat ng mga klase, mga aklat, teknolohiya, mga materyales sa silid-aralan, at mga programa na magreresulta sa mataas na tagumpay ng mga estudyante at mas mataas na bilang ng mga magtatapos.

Ang Nevada ay isa lamang sa tatlong mga estado na hindi nangangailangan na magbayad ang mga malalaking korporasyon sa kinita o buwis sa kabuuan ng naging resibo. Ang malalaki'ng hindi-taga-estado'ng korporasyon na pinangangasiwaan sa Nevada *ay hindi nagbabayad ng buwis sa kanilang kinikita sa Nevada!* Ang mga malalaking korporasyon na ito ay nagbabayad ng mga buwis para sa kanilang korporasyon sa iba'ng mga estado. Ang pagsang-ayon sa Tanong 3 ay hinihiling na ang mga malalaking korporasyon-*na wala'ng 14% ng mga negosyo-sa Nevada* ay magbayad ng isang 2% ng buwis sa isang tiyak na bahagi ng kanilang tinubo na pupunta nang diretso sa pagpopondo ng mga pampubliko at mga iba pang chartered na eskuwelahan.

Ang pagsang-ayon sa Tanong 3 ay hindi makakasakit sa maliliit na negosyo! Ang isang negosyo na may kabuua'ng pumasok na kita na mas mababa sa o katumbas ng $1 milyon ay hindi magbabayad ng buwis na ito. Ang mga negosyo na magbabayad ng buwis ay makakakuha ng malaki'ng deduksyon. Ang anumang buwis na ibinayad sa ilalim ng pangunguna ng Edukasyon ay maaaring ibawas sa buwis pederal.

Ang pagboto ng "Oo" sa Tanong 3 ay isang boto upang kailanganin na ang pinakamalaking korporasyon sa Nevada ay magbayad ng 2% buwis, matapos ang mga deduksyon, upang pondohan ang K-12 na pampubliko at iba pang chartered na eskuwelahan sa Nevada. Ang mga mag-aaral at ekonomiya ng Nevada ay lubos na makikinabang mula sa katamtama'ng 2% na pagbabayad ng buwis ng mga pinakamalaking korporasyon na pinangangasiwaan sa Nevada, na matagal nang naiwasan ang kanilang pagbabayad sa makatarunga'ng bahagi.

Ang mga lider ng negosyo tulad ng chairman ng MGM Resorts na si Jim Murren, mga Republican tulad ni Gobernador Brian Sandoval, at mga Democrat tulad ng Senador ng US na si Harry Reid ay nagsaad na kailangan ng Nevada ang mas maraming salapi para sa edukasyon hanggang K-12. Ang pangunguna sa Edukasyon ay isang paraan upang malutas ang problema'ng ito. Ang isang mas mahusay na pinondoha'ng sistema ng K-12 ay lilikha ng mga pagkakataon para sa bawa't mag-aaral ng Nevada at maihanda ang mga ito para sa mas mahusay na trabaho sa mga mas mataas-na-pasahod sa hinaharap.

Mangyaring bumoto ng Oo sa Tanong 3 - ang Inisyatiba sa Edukasyon - upang bigyan ang ating mga anak at ang ating estado ng isang mas maliwanag na hinaharap.

Ang nasa itaas na pangangatwiran ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayan na pabor sa tanong na ito tulad ng ibinigay sa NRS 293.252.

PAG-SALUNGAT SA ARGUMENTO UPANG MAPAGTIBAY

Ang mga pahayag na ginawa upang isulong ang Tanong 3 ay mapanlinlang. Kahit ang sariling abogado ng mga isponsor ay inamin sa kanilang testimonya sa Kataas-taasang Hukuman ng Nevada na ang panukala ay hindi gumagarantiya ng higit pang mga pagpopondo sa edukasyon at sinabi na, kung makapasa ito, "*ang lehislatura ay maaaring bawasan ang pagpopondo para sa edukasyon."*

Ang tanong 3 ay tinututulan ng mga pangunahi'ng mga pinagtatrabahuhan sa Nevada, kabilang ang Chairman ng MGM Resorts na si Jim Murren, ng mga nangungunang Democrat, tulad ng kandidato sa pagka-Tenyente Gobernador na si Lucy Flores, at mga nangungunang Republican, tulad ni Gobernador Sandoval. Nagbabala si Sandoval na ang Tanong 3 *"ay magwawasak hindi lamang sa umiiral na mga negosyo ngunit sa pagdadala ng mga negosyo sa estado na ito" at "maglalagay sa panganib sa pagbangon ng Nevada."*

Ang Nevada ay mayroon nang isang umiiral na buwis para sa negosyo: ang Binagong Buwis sa Negosyo. Ang iminungkahi'ng " Buwis sa Kinita" ay magpapataw ng katumbas na 15% buwis sa negosyo ng mga pinagtatrabahuhan, ang ika-apat na pinakamataas na halaga ng buwis sa bansa - at hindi lamang ang mga pangunahing pinagtatrabahuhan ang maaapektuhan nito. Ito ay ipapatong sa libu-libo'ng maliliit na may-ari ng negosyo. Iyon ang dahilan kung bakit ito ay sinasalungat ng Pambansa'ng Pederasyon ng mga Nagsasarili'ng Negosyo - Nevada, na kumakatawan sa 2,000 na mga maliliit na negosyo sa buong estado.

Dahil ang Tanong 3 ay magdudulot ng pagkawala ng libo-libo'ng mga umiiral at pang-hinaharap na mga trabaho at tataasan ang mga gastos sa pamumuhay ng mga taga-Nevada, *ito ay sinasalungat din ng Nevada AFL-CIO, na kumakatawan sa mga nagtatrabaho'ng tao sa buong estado.*

Bumoto ng *hindi.*

Ang nasa itaas na pangangatwiran ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayan na salungat sa tanong na ito tulad ng ibinigay sa NRS 293.252.

ARGUMENTO TUTOL SA PAGPAPATIBAY

Ang Tanong 3 ay isang sobra ang kapintasa'ng panukala sa buwis na maaaring makapinsala sa ekonomiya ng Nevada, magiging sanhi ng pagkawala ng libo-libo'ng mga trabaho, at pupwersahin ang mga mamimili na magbayad nang mahal para sa pagkain, pabahay, mga palingkurang-bayan at pangangalaga sa kalusugan – na hindi gumagarantiya nang mahigit pang mga pondo para sa edukasyon.

Walang pananagutan, Walang Garantiya ng Higit pang mga Pondo para sa Mga Paaralan

Nagpahayag ang mga tagapagtaguyod na ang buwis ay para sa edukasyon. Ngunit ang batas ng Nevada ay pinahihintulutan ang lehislatura na ilihis ang pondo ng edukasyon sa iba pang mga gamit. Dagdag pa rito, ang Tanong 3 ay hindi naglalaman ng mga alituntunin kung paano ang pondo ng "edukasyon" ay maaari'ng gastusin. Ang Tanong 3 ay nagbibigay sa mga pulitiko at byurokratiko ng blangko'ng tseke upang gastusin ang pera na walang plano, walang pangangasiwa, walang pananagutan at walang garantiya para sa karagdagang salapi sa silid-aralan.

Ito ay mas malala kaysa sa Pag-aakala

"Ang 2% Buwis sa Tinubo" ay mula sa kabuua'ng pumasok na kinita, hindi sa kita, kaya ito ay katumbas ng halos 15% buwis sa negosyo. Gagawin nito na ang Nevada ay isa sa mga limang pinakamataas na binubuwisa'ng estado para sa mga negosyo sa bansa." Carole Vilardo, Pangulo Nevada Taxpayers Association.

May kapintasan, hindi makatarungan

Ang mga pinagtatrabahuhan ay kinakailangan na magbayad ng buwis kahit na wala silang kita at nalulugi. At, ang buwis ay ipapataw sa mga negosyo na karamiha'ng nagbibigay ng mga trabaho sa Nevada: pangunahing mga pinagtatrabahuhan at libu-libo'ng maliliit na negosyo na may kabuua'ng pumasok na kinikita sa itaas ng sukatan, kabilang ang mga sakahan, restawran, tindahan ng groseri at mga lokal na magtitingi. Ang karamihan sa "mga negosyo" na hindi saklaw sa panukala ay isang-tao'ng nagpapatakbo na walang mga empleyado.

Nawala'ng Trabaho

Ang Tanong 3 ay magdadagdag sa pasanin sa buwis ng mga pinagtatrabahuhan sa Nevada ng daan-daang milyo'ng dolyar taun-taon. Ang mga pag-aaral pang-ekonomiko ay nagpapakita na magiging sanhi ito ng pagkawala ng libu-libo'ng mga kasalukuya'ng trabaho at gagawin nitong lubos na mahirap na makahikayat ng mga bagong negosyo at mga trabaho sa Nevada.

Ang mas Mataas na Gastos para sa mga Mamimili

Ang dagdag na gastos na ipapataw sa mga negosyo na nagbibigay ng mga kalakal at serbisyo sa Nevada ay ipapasa sa huli sa mga mamimili. Pipilitin nito na ang mga taga-Nevada na magbayad ng mas mataas na presyo para sa lahat mula sa pagkain, pananamit, gaas, tubig at kuryente sa bahay, seguro at pangangalaga sa kalusugan – na makakasakit doon sa mga mamamayan na hindi kaya'ng magbayad ng mga ito.

Ang bawat tao ay nagmamalasakit sa edukasyon. Ngunit ang magagastos ay sobra ang sama ng panukala'ng ito ay hindi magbibigay seguro sa isang mas mahusay na edukasyon para sa ating mga anak. Ang gagawin nito ay sasaktan ang mga pinagtatrabahuhan sa Nevada at ang ating ekonomiya, alisan ang libo-libo'ng mga taga-Nevada ng trabaho, pahinain ang loob ng mga negosyo upang lumago, at dadagdagan ang mga presyo ng mga mamimili sa pagkain, silungan, mga palikurang-bayan, pangangalaga sa kalusugan, at iba pang mga mahahalagang kalakal at serbisyo.

Kaya ang isang koalisyon na kumakatawan sa libu-libo'ng mga maliliit at malalaking mga pinagtatrabahuhan, mga pinuno ng komunidad, taga-pagturo, magulang at mga mamimili ay nakikiusap nang **hindi** sa 3.

Ang nasa itaas na pangangatwiran ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayan na salungat sa tanong na ito tulad ng ibinigay sa NRS 293.252.

PAG-SALUNGAT SA ARGUMENTO SA PAGTUTOL SA PAGPAPATIBAY

Ang argumento ng katunggali ay pinakikiusapan kayo na protektahan ang mga CEO, mga korporasyon at ang kanilang mga kasosyo sa kabila ng pinsala ng mga paaralan, mga mag-aaral, at mga pamilya. Ang Tanong 3 ay inilagay sa balota ng mga taga-Nevada upang magbigay ng mga mapagkukunan sa mga kinakailangan upang makatulong sa mga mag-aaral na magtagumpay at magiging handa para sa mga trabaho ng ika-21 siglo.

Ang mungkahi na ito ay nasa balota dahil ang mga taga-Nevada ay nag-aalala tungkol sa hinaharap ng kanilang mga anak at ang kalusugan ng ekonomiya sa ating estado. Hindi ito magbibigay sa sinuman ng isang "blangko'ng tseke" tulad ng sinasabi ng mga katunggali. Hinihingi nito na ang salapi mula sa buwis ay diretso ng pumunta sa umiiral na kuwenta para sa K-12 ng pampublikong edukasyon. Sa ilalim ng mga umiiral na alituntunin, ang pera ay maaaring magbibigay daan para sa mas maliit na sukat ng klase at mga programa na makatutulong sa mga mag-aaral na makapagtapos upang makabuo ng isang mas mahusay na pang-ekonomiya'ng hinaharap para sa Nevada.

Alam ng mga katunggali na ang lahat ng sentimo'ng makokolekta mula sa buwis na ito ay pupunta nang diretso sa edukasyon ng K-12. Ang pondo ng kabilang panig sa simula pa lamang ay mula sa malalaking mga negosyo na hindi nagbabayad ng kanilang makatarunga'ng bahagi ng mga buwis upang mamuhunan sa edukasyon. Sa loob ng mga dekada, ay sinuportahan ng Nevada ang mga malalaking negosyo'ng ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng imprastraktura, empleyado at mga mamimili. Ngayon ang oras para sa malalaking mga negosyo na makagawa ng isang pang-matagalang pangako sa sistema ng edukasyon sa Nevada. Bumoto ng "oo" sa Tanong 3.

Ang nasa itaas na pangangatwiran ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayan na pabor sa tanong na ito tulad ng ibinigay sa NRS 293.252.

NAUUKOL SA TAUNA'NG PANANALAPI

EPEKTO SA PANANALAPI—HINDI MATUTUKOY

PANGKALAHATANG-PANANAW

Ang Tanong 3 ay nagmumungkahi na amyendahan ang Titulo 32 ng *Nevada Revised Statutes* upang magpataw ng isang bagong buwis sa tinubo sa mga bubuwisa'ng tubo ng mga tukoy na sangay ng negosyo sa estado. Ang mga nalikom na buwis, bawas ang mga gastos sa pangangasiwa na natamo ng Kagawaran ng Pagbubuwis, ay idideposito sa Distributive School Account ng Estado. Ang Tanong 3 ay nangangailangan na ang mga paglalaan ay gawin mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado patungo sa Kagawaran ng Pagbubuwis para sa pauna'ng gastos sa pamamahala ng mga buwis sa tinubo. Ang Tanong 3 ay nagmumungkahi din ng isang pansamantalang pagtataas sa halaga ng Binagong Buwis sa Negosyo ng mga Institusyon ng Pananalapi para lumikha ng kita upang masuportahan ang paglalaan na ibinigay sa Kagawaran.

EPEKTO SA PANANALAPI NG TANONG 3

Ang mga probisyon ng Tanong 3 ay mangangailangan ng ang mga tukoy sa sangay ng negosyo sa estado kung saan ang kabuua'ng kita ay lumagpas sa $1 milyon ay magbayad ng taunang buwis sa halaga'ng 2 porsiyento'ng buwis na mga tinubo sa sangay ng negosyo (buwis sa tinubo). Ang mga probisyon ng Tanong 3 ay hinihingi na ang mga nalikom mula sa buwis na tinubo ay ideposito sa Distributive School Account ng Estado (DSA). Ang halaga na kailangan upang bayaran ang gastos ng pangangasiwa ng buwis sa tinubo ay maaari'ng kunin ng Kagawaran ng Pagbubuwis mula sa mga nalikom na ito, para ideposito sa Pangkalahatang Pondo.

Ang mga probisyon ng Tanong 3 ay nangangailangan din ng isang pansamantalang pagtaas sa halaga ng kasalukuyang Binagong Buwis sa Negosyo sa mga Institusyon ng Pananalapi (MBT-FI), mula sa kasalukuyang halaga'ng 2 porsiyento sa halaga'ng 2.29 porsiyento sa huling anim na buwan ng Piskal na Taon 2015 at 2.42 porsiyento sa Piskal na Taon 2016. Ang kita na nanggaling sa pansamantalang pagtaas ng MBT-FI ay naka-ukol upang taasan ang kita na kinakailangan upang suportahan ang mga paglalaan na ginawa mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado patungo sa Kagawaran ng Pagbubuwis para sa pauna'ng gastos sa pamamahala ng buwis sa tinubo. Kung ang kita na nakuha mula sa pagtaas ng MBT-FI ay hindi sapat upang suportahan ang buong halaga ng paglalaan sa alinmang taon ng pananalapi, ang paglalaan para sa taon ng pananalapi na iyon ay babawasan kung magkano ang mga kakulangan.

Kung sang-ayunan ng mga botante, ang mga probisyon ng Tanong 3 ay magiging epektibo sa Enero 1, 2015, ngunit hindi magreresulta sa mga karagdagang kita para sa DSA hanggang sa huling tatlong buwan ng Taon ng Pananalapi 2016. Gayunpaman, ang Dibisyon ng Pag-aaral sa Pananalapi ay hindi mahuhulaan kung ano ang mga regulasyon o iba pang mga aksiyon ang maaari'ng isagawa ng Kagawaran ng Pagbubuwis upang ipatupad at pangasiwaan ang mga buwis sa tinubo na maaaring makaapekto isang nagbabayad ng buwis para sa buwis sa tinubo o pananagutan sa buwis, at hindi

rin nito mahuhulaan ang panahon kung saan ang kinita ay matatanggap dahilan sa kakayahan ng isang nagbabayad ng buwis na magharap ng palugit. Samakatuwid, habang ang karagdagang kita ay makukuha para sa DSA sa Taon ng Pananalapi 2016 at 2017 at sa mga darating na taon ng pananalapi, ang Dibisyon ng Pag-aaral sa Pananalapi ay hindi naghanda ng isang pagtatantya sa halaga ng kita na makukuha para sa DSA sa mga tao'ng ito dahil sa maraming sapantaha na kailangang gawin at ang kawalan ng katiyakan tungkol sa kung paano ang mga ginawa'ng sapantaha ay makaka-apekto sa mga pagtatantya ng kita.

Ang Tanong 3 ay mangangailangan ng paglalaan na isasagawa mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado patungo sa Kagawaran ng Pagbubuwis sa halagang $1.4 milyon para sa huling anim na buwan ng Taon ng Pananalapi 2015 at $4.2 milyon para sa Taon ng Pananalapi 2016, kung ang Tanong 3 ay sang-ayunan ng mga botante.

Ang Tanong 3 ay nagpahayag na ang mga nalikom mula sa mga pansamantalang pagtataas sa halaga ng MBT-FI ay inilaan upang taasan ang kita na kinakailangan upang suportahan ang mga paglalaan na ginawa mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado patungo sa Kagawaran ng Pagbubuwis para sa pauna'ng gastos ng pamamahala ng buwis sa tinubo. Ang Dibisyon ng Pag-aaral sa Pananalapi ay hindi masabi nang may katiyakan kung ang pagtataas ng halaga para sa MBT-FI ay lilikha ng sapat na kita upang masuportahan ang kinakailanga'ng mga paglalaan. Gayunpaman, mas makatwiran ang sabihin na ang mga halaga'ng inilaan ay susuportahan ng 0.29 porsiyento at 0.42 porsiyento'ng itinaas na halaga ng MBT-FI, batay sa isang pag-aaral ng nakaraa'ng aktwal na mga koleksyon ng buwis mula sa FY 2005 hanggang FY 2013.

Natukoy nang Dibisyon ng Pag-aaral sa Pananalapi na ang pagpapataw ng buwis sa tinubo ay magdadagdag sa mga gastusin ng pamahalaan ng estado, dahil sa mas lumaki'ng gastos sa pangangasiwa at pagpapatupad na papasanin ng Kagawaran ng Pagbubuwis. Tinantya ng Kagawaran ng Pagbubuwis, batay sa isang kahilingan na ginawa ng Dibisyon ng Pag-aaral sa Pananalapi, na ang paunang gastos ng pangangasiwa ay magiging humigit-kumulang $1.4 milyon sa Taon ng Pananalapi 2015 at $3.9 milyon sa Taon ng pananalapi 2016, para sa isang dalawang-taon na may kabuua'ng humigit-kumulang sa $5.3 milyon. Tinantya ng Kagawaran na ang patuloy na mga gastos sa pagpapatupad at pangangasiwa ng buwis sa tinubo sa darating na hinaharap ay magiging humigit-kumulang sa $ 12.1 milyon sa bawa't dalawa'ng taon.

Batay sa tinantya'ng $5.3 milyon para sa unang mga gastos ng pangangasiwa na ibinigay ng Kagawaran ng Pagbubuwis, ang $5.6 milyon na inilaan mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado na kasama sa Tanong 3 ay magiging sapat upang masuportahan ang paunang gastos ng pamamahala ng buwis sa tinubo.

Ang Tanong 3 ay maaaring magresulta ng isang negatibo'ng epekto sa Pangkalahatang Pondo ng Estado mula sa paunang gastos sa pangangasiwa ng buwis sa tinubo kung: 1) Ang aktwal na mga nalikom galing sa pansamantalang pagtaas ng MBT-FI ay hindi sapat upang pondohan ang mga paglalaan ng Pangkalahatang Pondo na kasama sa Tanong 3; 2) Ang mga aktwal na gastos para sa paunang pamamahala ng buwis sa tinubo ay mas mataas kaysa sa halaga ng mga paglalaan na tinukoy sa Tanong 3; o 3) Ang aktwal na gastos para sa paunang pamamahala ng buwis sa tinubo ay mas mataas kaysa sa halaga ng kita na nanggaling sa pansamantalang pagtaas sa MBT-FI.

Ang Tanong 3 ay maaari'ng magresulta sa isang positibo'ng epekto sa Pangkalahatang Pondo ng Estado kung ang halaga ng kita na nakuha mula sa pansamantalang pagtataas sa MBT-FI ay mas malaki kaysa sa aktwal na mga gastos para sa paunang pamamahala ng buwis sa kinita na nakuha ng Kagawaran ng Pagbubuwis.

Inihanda ng Dibisyon ng Pag-aaral sa Pananalapi ng Kawanihan ng Tagapayo sa Lehislatura - Agosto 1, 2014

ANG INISYATIBA SA EDUKASYON

PALIWANAG – Ang pananalita na *naka-matingkad na italika* ay idadagdag sa Nevada Revised Statutes; ang pananalita sa pagitan ng mga bracket ~~[tinanggal na pananalita]~~ ay iaalis.

ANG MGA MAMAMAYAN NG ESTADO NG NEVADA AY GUMAWA NG BATAS TULAD NG SUMUSUNOD:

Seksyon 1. Ang batas na ito ay nagbibigay para sa pagpapataw ng isang buwis sa tinubo ng mga sangay sa negosyo na nakikibahagi ng negosyo sa Estado, at humihingi na ang mga nalikom na buwis ay gamitin upang pondohan ang operasyon ng mga pampublikong paaralan sa Estado'ng ito para sa kindergarten hanggang ika-12 grado.

Sec. 2. Titulo 32 ng NRS ay inamyendahan sa pamamagitan ng pagdaragdag dito ng isang bagong kapitulo upang bumuo ng mga probisyon na itinakda bilang mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.

3. Wala'ng inilaan sa kapitulo'ng ito upang hadlangan ang isang opisyal sa pagpapatupad ng batas mula sa pagkakaroon ng daan sa kung hindi man ay lihim na mga tala sa pamamagitan ng subpena, utos ng hukuman, mandamyento sa paghahalughog o iba pang mga legal na paraan. Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng kapitulo'ng ito, ang Komisyoner ay magkakaroon ng kakayahan upang ibahagi ang impormasyon sa iba pang mga nasa labas ng estado o pederal na nangangasiwa kung kangino ang Kagawaran ng Negosyo at Industriya ay may isang kasunduan hinggil sa pagbabahagi ng impormasyon. Wala sa kapitulo'ng ito ang naglalaan upang hadlangan ang anumang ahensiya ng Estado'ng ito mula sa pagkakaroon ng daan sa kung hindi man ay lihim na talaan alinsunod sa anumang naaangkop na batas.

Sec. 70. NRS 673.484 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

673.484 Ang Komisyoner ay maaari'ng isuspinde o bawiin pagkatapos ng abiso at pagdinig ang prebilehiyo ng anumang asosasyon dahil sa:

1. Paulit-ulit na hindi pagsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito o mga regulasyon na inangkin sa ilalim nito.

2. Hindi pagbabayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

Sec. 71. NRS 675.440 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

675.440 1. Kung ang Commissioner ay may dahilan upang maniwala na may dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang umiiral na lisensya, ang Komisyoner sa loob ng 20 araw ay magbibigay ng nakasulat na abiso na nagsasaad ng pinag-iisipa'ng pagkilos at, sa pangkalahatan, ang mga batayan tungkol dito at itakda ang petsa para sa isang pagdinig.

2. Sa konklusyon ng isang pagdinig, ang Komisyoner ay:

(a) Magtatala ng isang nakasulat na kautusan alinman sa pagpapa-walang-saysay sa mga sumbong, pagbawi ng lisensya o pagsususpindi ng lisensya para sa isang panahon na hindi hihigit sa 60 araw, kung saan ay isasama ang panahon ng anumang mga naunang mga pansamantalang suspensyon. Ang kopya ng kautusan ay kailanga'ng ipadala sa lisensyado sa pamamagitan ng rehistrado o sertipikado'ng koreo.

(b) Magpataw sa lisensyado ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $ 10,000 para sa bawa't paglabag ng lisensya ng anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang regulasyon na inangkin sa alinsunod dito.

(c) Kung ang isang multa ay ipinataw alinsunod sa seksyo'ng ito, itala ang naturang utos kung kinakailangan upang mabawi ang mga gastos ng paglilitis, kabilang ang gastos sa imbestigasyon at bayad sa abogado.

3. Ang dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang lisensya ay:

(a)Ang lisensyado ay hindi nagbayad ng tauna'ng bayad sa lisensya.

(b) Ang lisensyado, alinman kung sinadya o sa kapabayaan upang maiwasan ito, ay nilabag ang anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang naaayon sa batas na inangkin alinsunod dito;

(c). Ang lisensyado ay hindi nagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(d) Anumang katotohanan o kondisyo'ng umiiral na magbibigay-katarungan sa pagtanggi ng Komisyoner sa orihinal na kahilingan na bigyan ng lisensya alinsunod dito; o

(e) Ang aplikante ay nabigo'ng buksan ang isang tanggapan para sa pamamahala ng negosyo'ng pinahintulutan sa ilalim ng kapitulo'ng ito sa loob ng 120 araw matapos na ipalabas ang lisensya o hindi nanatili'ng bukas para sa pamamahala ng negosyo sa loob ng 120 araw nang walang magandang dahilan para dito.

4. Anumang pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay nalalapat lamang sa lisensya na ipinagkaloob sa isang tao para sa partikular na opisina kung saan ang dahilan sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay umiiral.

5. Ang isang kautusan sa pagsususpindi o pagpapa-walang-bisa ng lisensya ay magiging epektibo 5 araw matapos ipinasok maliban kung ang kautusan ay tinukoy kung hindi man o isang pagpapatigil ay ibinigay.

Sec. 72. NRS 677.510 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

677.510 1. Kung ang Commissioner ay may dahilan upang maniwala na may dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang umiiral na lisensya, ang Komisyoner sa loob ng 20 araw ay magbibigay ng nakasulat na abiso na nagsasaad na nagsasabi ng pinag-iisipa'ng pagkilos at, sa pangkalahatan, ang mga batayan ukol dito at itakda ang petsa para sa isang pagdinig.

2. Sa konklusyon ng isang pagdinig, ang Commissioner ay:

(a) Magtatala ng isang nakasulat na kautusan alinman sa pagpapa-walang-saysay sa mga sumbong, pagbawi ng lisensya o pagsususpindi ng lisensya para sa isang panahon na hindi hihigit sa 60 araw, kung saan ay isasama ang panahon ng anumang mga naunang mga pansamantalang suspensyon. Ang kopya ng kautusan ay kailanga'ng ipadala sa lisensyado sa pamamagitan ng rehistrado o sertipikado'ng koreo.

(b) Magpataw sa lisensyado ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $ 10,000 para sa bawa't paglabag ng lisensya sa anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang regulasyon na inangkin alinsunod dito.

(c) Kung ang isang multa ay ipinataw alinsunod sa seksyo'ng ito, itala ang naturang utos kung kinakailangan upang mabawi ang mga gastos ng paglilitis, kabilang ang gastos sa imbestigasyon at bayad sa abogado.

3. Ang dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang lisensya ay:

(a) Ang lisensyado ay hindi nagbayad ng tauna'ng bayad sa lisensya.

(b) Ang lisensyado, alinman kung sinadya o sa kapabayaan upang maiwasan ito, ay nilabag ang anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang naaayon sa batas na inangkin alinsunod dito;

(c). Ang lisensyado ay hindi nagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(d) Anumang katotohanan o kondisyo'ng umiiral na magbibigay-katarungan sa pagtanggi ng Komisyoner sa orihinal na kahilingan na bigyan ng lisensya alinsunod dito; o

(e) Ang aplikante ay nabigo'ng buksan ang isang tanggapan para sa pamamahala ng negosyo'ng pinahintulutan sa ilalim ng kapitulo'ng ito sa loob ng 120 araw matapos na ipalabas ang lisensya o hindi nanatili'ng bukas para sa pamamahala ng negosyo sa loob ng 120 araw nang walang magandang dahilan para dito.

4. Anumang pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay nalalapat lamang sa lisensya na ipinagkaloob sa isang tao para sa partikular na opisina kung saan ang dahilan sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay umiiral.

5. Ang isang kautusan sa pagsususpindi o pagpapa-walang-bisa ng lisensya ay magiging epektibo 5 araw matapos ipinasok maliban kung ang kautusan ay tinukoy kung hindi man o isang pagpapatigil ay ibinigay.

Sec. 73. NRS 680B.037 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

680B.037 **[~~Pagbabayad~~]**

1. Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksyon 2, pagbabayad ng isang kompanya'ng nagseseguro ng buwis na ipinataw sa pamamagitan ng NRS 680B.027 ay kapalit ng lahat ng mga buwis na ipinataw ng Estado o anumang lungsod, bayan o probinsiya sa mga buwana'ng hulog o sa kita ng kompanya'ng nagseseguro at ng prangkisa, pribilehiyo o iba pang mga buwis na sinukat sa pamamagitan ng kita ng kompanya'ng nagseseguro.

2. Ang mga probisyon ng subsection 1 ay hindi nalalapat sa mga buwis na ipinataw alinsunod sa mga probisyon ng seksyon 3 hanggang 45, mgakakasama, ng batas na ito.

Sec. 74. NRS 683A.451ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

683A.451 Maaaring tanggihan ng Komisyoner ang magbigay ng lisensya o sertipiko alinsunod sa mga kapitulo'ng ito o maaaring ilagay ang sinumang tao kung kangino ang lisensya o sertipiko ay ibinigay alinsunod sa mga kapitulo'ng ito sa pagsubok, suspindihin ang tao ng hindi hihigit sa 12 buwan, o bawiin o tanggihan na ipanibago ang kanyang lisensya o sertipiko, o maaaring magpataw ng isang administratibo'ng multa o gumawa ng anumang kumbinasyon ng mga naunang nabanggit na pagkilos, para sa isa o higit pa sa mga sumusunod na dahilan:

1. Pagbibigay ng mali, nakaliligaw, hindi kumpleto o bahagya'ng katotohanan ng impormasyon sa kanyang aplikasyon para sa isang lisensya.

2. Paglabag sa batas na namamahala ng seguro, o sa paglabag sa isang regulasyon, kautusan o subpena ng Komisyoner o isang katumbas na opisyal ng iba pang estado.

3. Pagkakaroon o pagsubok na makakuha ng lisensya sa pamamagitan ng kasinungalingan o pandaraya.

4. Paglustay, pagpapalit o hindi wastong pagtatago ng pera o ari-arian na natanggap sa panahon ng negosyo ng seguro.

5. Sinadya'ng pagsisinungaling sa mga tuntunin ng isang aktwal na o ipinanukala'ng kontrata ng o aplikasyon para sa seguro.

6. Nahatulan ng isang mabigat na pagkakasala.

7. Pag-amin o napag-alaman na gumawa ng isang hindi patas na pagsasagawa ng kalakal o panloloko.

8. Paggamit ng panloloko, pamimipilit o hindi tapat na mga gawain, o nagpakita ng kawala'ng-kakayahan, hindi mapagkakatiwalaan o pinansiyal na kawalan ng pananagutan sa pag-sasagawa ng negosyo sa Estado'ng ito o kahit saan.

9. Pagtanggi, suspensyon o pagbawi ng isang lisensiya bilang isang taga-likha ng seguro, o ang katumbas nito, sa anumang iba pang mga estado, teritoryo o lalawigan.

10. Pagpalsipika ng pangalan ng iba sa isang aplikasyon para sa seguro o anumang iba pang mga dokumento na may kinalaman sa transaksyon ng seguro.

11. Hindi wastong paggamit ng mga tala o iba pang sanggunia'ng materyal upang makumpleto ang isang pagsusuri para sa isang lisensya na may kaugnayan sa seguro.

12. Sinadya'ng tumatanggap ng negosyo na may kaugnayan sa seguro mula sa isang hindi lisensyado'ng tao.

13. Hindi pagsunod sa isang administratibo o utos ng hukuman na nagpapataw ng isang obligasyon sa suporta ng bata.

14. Hindi pagbabayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A **ng NRS [.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito;***

Sec. 75. NRS 686C.360 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

686C.360 Ang Asosasyon ay hindi saklaw mula sa pagbabayad ng lahat ng mga bayarin at lahat ng mga buwis na ipinataw ng estado'ng ito o anumang sa mga politikal na subdibisyon, maliban sa mga buwis sa ari-arian **[.]** ***at buwis na ipinataw alinsunod sa mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

Sec. 76. NRS 687A.130 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

687A.130 Ang Association ay hindi saklaw mula sa pagbabayad ng lahat ng mga bayarin at lahat ng mga buwis na ipapataw ng Estado'ng ito o anumang subdibisyon nito, maliban sa mga buwis:

1. Na ipinataw sa lupain o personal na ari-arian; o

2. Ipinataw alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A o 363B ng NRS ***[.] O seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

Sec. 77. NRS 688C.210 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

688C.210 1 Matapos ang abiso, at matapos ang isang pagdinig kung hiniling, maaaring ang Komisyoner ay suspendihin, bawiin, tanggihan upang magbigay o tanggihan na ipabago ang lisensya sa ilalim ng kapitulo kung mapag-aalaman ng Komisyoner na.:

(a) Mayroo'ng malaki'ng kasinungalingan sa kahilingan para sa lisensya;

(b) Ang lisensyado o isang opisyal, kasosyo, miyembro o makabuluha'ng tagapangangasiwa'ng empleyado ay nahatulan ng panlilinlang o gawaing panloloko, ay sumasailalim sa isang huling pagkilos administratiba para sa pag-aalis sa karapatan, o kung hindi man ay ipinakita na hindi maging karapat-dapat sa pagtitiwala o walang kaya o kakayahan;

(c) Ang isang tagapagtustos sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay ay gumawa ng isang huwaran na hindi makatwiran ang mga pagbabayad sa nagbebenta na may taning ang buhay;

(d) Ang aplikante o lisensyado ay napatunaya'ng may kasalanan o may sala ngunit may sakit sa kaisipan, o umami'ng nagkasala, nagkasala ngunit may sakit sa kaisipan o nolo contendere sa isang mabigat na kasalanan o isang maliit na kasalanan na kinasasangkutan ng pandaraya, pamamalsipika, paglulustay, pagkuha ng pera sa ilalim ng maling pagpapanggap, pagnanakaw, paghingi nang sapilitan, pagsasabwatan upang mandaya o anumang krimen na kinasasangkutan ng kahiya-hiyang kasamaan ng pag-uugali nahatulan man o hindi ng isang hukuman;

(e) Ang isang tagapagtustos sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay ay pumasok sa isang pakikipag-ayos sa pagbebenta ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay sa isang paraan na hindi maaaprubahan alinsunod sa NRS 688C.220;

(f) Ang isang tagapagtustos sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay ay hindi iginalang ang obligasyon ng isang pakikipag-ayos sa pagbebenta ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay o isang kasunduan upang bumili ng isang pakikipag-ayos sa pagbebenta ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay;

(g) Ang lisensyado ay hindi na nakakatugon sa mga kinakailangan para sa paunang pagpapa-lisensya;

(h) Ang isang tagapagtustos sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay ay itinalaga, inilipat o ipinangako ang isang patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay sa isang tao maliban sa isa pang tagapagtustos na lisensyado sa ilalim ng kapitulo'ng ito, isang tagapamili ng pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay o ang isang espesyal na organisasyon;

(i) Ang aplikante o lisensyado ay nagbigay nang malaki at hindi totoo'ng impormasyon sa isang kompanya'ng nagseseguro na nagbigay ng isang patakaran na siya'ng paksa ng isang kasunduan sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay;

(j) Ang aplikante o lisensyado ay hindi nagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(k) Ang aplikante o lisensyado ay lumabag sa isang probisyon ng kapitulo'ng ito o iba pang naaangkop na mga probisyon; o

(l) Ang aplikante o lisensyado ay hindi naging matapat sa isang nagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay.

2. Ang isang suspensyon na ipinataw para sa mga kadahilana'ng itinakda sa talata (k) o (l) ng subseksyon 1 ay hindi dapat lumagpas sa panahon ng isang 12 buwan.

3. Kung ang Komisyoner ay gumawa ng isang aksyon tulad ng inilarawan sa subseksyon 1, ang aplikante o lisensyado ay maaari'ng humiling sa pamamagitan ng sulat para sa isang pagdinig sa harap ng Komisyoner upang matukoy ang pagiging makatwiran ng pagkilos na ginawa ng Komisyoner, alinsunod sa mga probisyon ng NRS 679B.310 hanggang 679B 0.370, magkakasama.

Sec. 78. NRS 694C.450 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

694C.450 1 Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito, ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay dapat bayaran sa Division, ng hindi lalagpas sa Marso 1 ng bawat taon, ng isang buwis sa halaga'ng:

(a) Ika-dalawang ika-limang bahagi ng 1 porsiyento sa unang $ 20,000,000 ng kanyang neto ng tuwira'ng bayad;

(b) Isang-ikalima'ng bahagi ng 1 porsiyento SA susunod Na $ 20,000,000 ng kanyang neto ng tuwira'ng bayad; at

(c) Ika-pitumpu't-limang libo ng 1 porsiyento sa bawat karagdagang dolyar ng kanyang neto ng tuwira'ng bayad.

2 Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito, ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay dapat bayaran sa Division, ng hindi lalagpas sa Marso 1 ng bawat taon, ang isang buwis sa isang halaga'ng:

(a) Dalawang daan at dalawampu't limang libo ng 1 porsiyento sa unang $ 20,000,000 ng kita mula sa ipinapalagay na bayad sa muling pagpapaseguro;

(b) Isang daan at limampu'ng libo ng 1 porsiyento sa unang $ 20,000,000 ng kita mula sa ipinapalagay na bayad sa muling pagpapaseguro;

(c) Dalawampu't-lima'ng libo ng 1 porsiyento sa bawat karagdagang dolyar ng kita mula sa ipinapalagay na bayad sa muling pagpapaseguro.

↳Ang buwis sa bayad sa muling pagpapaseguro alinsunod sa subseksyon na ito ay hindi dapat na ipataw sa bayad para sa mga panganib o mga bahagi ng mga panganib na sumasailalim sa pagbubuwis sa isang direktang batayan alinsunod sa subseksyon 1. Ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay hindi hinihingan na magbayad ng buwis sa ibinabayad sa muling pagpapaseguro alinsunod sa subseksyon na ito sa kinita na may kinalaman sa pagtanggap ng mga ari-arian ng kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya kapalit ng pagpapalagay ng pakawala ng pondo at iba pang mga pananagutan ng isa pang kompanya'ng nagseseguro na sa ilalim ng karaniwa'ng pagmamay-ari at pamamahala ng kompanya.

3. Kung ang suma ng buwis na babayaran sa pamamagitan ng isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya na kinalkula alinsunod sa mga subseksyon 1 at 2 ay mas mababa sa $5,000 sa anumang naibigay na taon, ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay dapat magbayad ng $5,000 buwis para sa taong iyon. Ang pinakamataas na pinagsama-samang mga buwis para sa anumang taon ay hindi dapat lumampas sa $175,000. Ang pinakamataas na pinagsama-samang mga buwis na babayaran sa pamamagitan ng isang tinangkilik na kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay lapat lamang sa bawa't protektado'ng puwang at hindi ilalapat sa kabuuan ng mga tinatangkilik na kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya.

4. Dalawa o higit pang mga kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya na nasa ilalim ng pagmamay-ari at pangangasiwa ng lahat ay dapat buwisan na para bang sila ay isang solong kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya.

5. Sa kabila ng anumang partikular na batas na kasalungat at maliban kung hindi ibinigay sa subseksyon, ang buwis na ibinigay sa pamamagitan ng seksyon na ito ay bumubuo ng lahat ng mga kukulektahi'ng buwis alinsunod sa mga batas ng Estado'ng ito mula sa isang mga kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya, at walang buwis sa paghahanap-buhay o iba pang mga buwis ang maaaring ipataw o kokolektahin mula ng Estado'ng ito sa isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya o ng anumang probinsiya, lungsod o munisipyo sa loob ng Estado, maliban sa mga buwis na ipinataw alinsunod sa kapitulo 363A o 363B ng NRS o ***seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito*** at buwis ayon sa halaga ng lupain o personal na ari-arian na matatagpuan sa Estado na ginagamit sa produksyon ng mga kita sa pamamagitan ng kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya.

6. Dalawampu't-limang porsiyento ng mga kita na nakolekta mula sa buwis na ipinataw alinsunod sa seksyo'ng ito ay dapat na ideposito sa Tresurero ng Estado para sa kredito sa Kuwenta para sa Regulasyon at Pangangasiwa ng Kompanya'ng Nagseseguro sa Puno'ng Kompanya na nilikha alinsunod sa NRS 694C.460. Ang natitira'ng 75 porsiyento ng mga kita na nakolekta ay dapat na ideposito sa Tresurero ng Estado para sa kredito sa Pangkalahatang Pondo ng Estado.

7. Ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya na binigyan ng lisensya alinsunod sa kapitulo'ng ito makaraan ang Hulyo 1, 2003, ay may karapatan upang makatanggap ng hindi ibabalik na kredito na $5000 na inilapat laban sa pinagsama-samang mga buwis na utang ng kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya para sa unang taon kung saan ang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay natamo ang anumang sagutin para sa pagbabayad ng mga buwis alinsunod sa seksyo'ng ito. Ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay may karapatan sa isang hindi ibabalik na kredito alinsunod sa seksyo'ng ito ng hindi hihigit sa isang beses pagkatapos na ang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya pauna'ng magka-lisensya alinsunod sa kapitulo'ng ito.

8. Tulad ng ginamit sa seksyo'ng ito, maliban kung hindi hinihingi ng kahulugan:

(a) "Mga karaniwa'ng pagmamay-ari at pamamahala" ay nangangahuluga'ng:

(1) Sa kaso ng isang namumuhuna'ng kompanya'ng nagseseguro, ang direkta o hindi direkta'ng pag-aari ng 80 porsiyento natitira'ng pagboto ayon sa puhunan ng dalawa o higit pang mga korporasyon ng parehong miyembro o mga miyembro.

(2) Sa kaso ng isang magka-parehong kompanya'ng nagseseguro, ang direkta o hindi direkta'ng pag-aari ng 80 porsiyento o higit pa sa mga labis at kapangyarihan sa pagboto ng dalawa o higit pang mga korporasyon sa pamamagitan ng parehong miyembro o mga miyembro.

(b) "Neto'ng direkta'ng bayad" ay nangangahuluga'ng ang direktang bayad na nakolekta o kinontrata para sa mga patakaran o mga kontrata ng seguro na isinulat ng isang namumuhuna'ng kompanya'ng nagseseguro sa panahon ng mga naunang taon, ibawas ang halaga ng babayaran sa mga may-ari ng patakaran bilang balik kabayaran, kabilang ang mga dibidendo sa nakuha'ng bayad o deposito sa seguro na ibinalik o na kredito sa may-ari ng patakaran.

Sec. 79. NRS 695A.550 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

695A.550 Ang bawat lipuna'ng itinatag o lisensyado sa ilalim ng kapitulo'ng ito ay ipinahayag na isang mapag-kawanggawa at mabuting institusyon, at hindi saklaw ng buwis mula sa bawat estado, probinsiya, distrito, munisipal at paaralan bukod sa ***buwis na ipinataw alinsunod sa mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito at*** mga buwis sa lupa'ng ari-arian at kagamitan sa opisina.

Sec. 80 1. Sumasailalim sa mga probisyon ng seksyon 82 ng batas na ito, dito ay inilaan sa Kagawaran ng Pagbubuwis mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado para sa pauna'ng gastos ng pangangasiwa sa mga probisyon ng seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito:

Para sa piskal na taon 2013-2014 .... $2,900,000

Para sa piskal na taon 2014-2015 .... $2,700,000

2. Ang suma'ng inilaan sa pamamagitan ng subseksyon 1 ay magagamit para sa alinman sa piskal na taon. Ang anumang natitira'ng balanse ng inilaang-gugulin na ginawa ng subseksyon 1 ay hindi dapat ipangako para sa gastos matapos ang Hunyo 30, 2015, at isasauli sa Pangkalahatang Pondo ng Estado sa oras na lahat ng mga bayarin ng salapi'ng ipinangako ay magawa.

Sec. 81 1. Sumasailalim sa mga probisyon ng seksyon 82 ng batas na ito, doon ay inilaan sa Kagawaran ng Pagbubuwis mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado para sa pauna'ng gastos ng pangangasiwa sa mga probisyon ng seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito:

Para sa piskal na taon 2014-2015 .... $1,400,000

Para sa piskal na taon 2015-2016---------- $4,200,000

2. Ang suma'ng inilaan sa pamamagitan ng subseksyon 1 ay magagamit para sa alinman sa piskal na taon. Ang anumang natitira'ng balanse ng inilaang-gugulin na ginawa ng subseksyon 1 ay hindi dapat ipangako para sa gastos matapos ang Hunyo 30, 2016, at isasauli sa Pangkalahatang Pondo ng Estado sa oras na lahat ng mga bayarin ng salapi'ng ipinangako ay magawa.

Sec. 82. Ang mga inamyendaha'ng probisyon ng seksyon 50 at 51 ng batas na ito, gaya ng naaangkop, ay naghahangad na tumaas ang kita na kinakailangan upang suportahan ang laang-gugulin na ginawa ng seksyon 80 o 81 ng batas na ito, kung alinman ang magiging epektibo, ayon sa iniatas ng Seksyon 6 ng Artikulo 19 ng Saligang-Batas ng Nevada. Kung ang itinataas na kita ay hindi sapat upang masuportahan ang buong halaga ng inilaang-gugulin sa alinman sa piskal na taon, ang laang-gugulin para sa taong iyon ay nabawasan hanggang sa lawak ng kakulangan.

Sec. 83. 1. Kung ang batas na ito ay isinabatas ng ika-77 Session ng Lehislatura at inaprobahan ng Gobernador tulad ng ibinigay sa subseksiyon 3 ng Seksyon 2 ng Artikulo 19 ng Saligang-Batas ng Nevada:

(a) Ang seksyon na ito, mga seksyon 1 hanggang 21, magkakasama, mga seksyon 23 hanggang 50, magkakasama, mga seksyon 53 hanggang 80, magkakasama, at mga seksyon 82 at 84 ng batas na ito ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2013.

(b) Seksyon 22 ng batas na ito ay magiging epektibo sa Enero 1, 2014.

(c) Seksyon 50 ng batas na ito ay matatapos sa pamamagitan ng paglilimita sa Hunyo 30, 2015.

(d) Mga Seksyon 51, 52 at 81 ng batas na ito ay hindi magiging epektibo.

2. Kung ang batas na ito ay hindi isinabatas at pinagtibay tulad ng ibinigay sa subseksyon 1, ngunit inaprubahan ng mga botante matapos na ang batas ay isinangguni o isinumite sa mga botante alinsunod sa subseksyon 3 ng Seksyon 18 ng Artikulo 4 o subseksyon 3 ng Seksyon 2 ng artikulo 19 ng Saligang-Batas ng Nevada:

(a) Ang seksyon na ito, mga seksyon 1 hanggang 50, magkakasama, mga seksyon 53 hanggang 79, magkakasama, at mga seksyon 81, 82 at 84 ng batas na ito ay magiging epektibo sa Enero 1, 2015.

(b) Seksyon 51 ng atas na ito ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2015.

(c) Seksyon 52 ng batas na ito ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2016.

(d) Seksyon 80 ng batas na ito ay hindi magiging epektibo.

3. Para sa mga layunin ng subseksiyon 1, ang batas na ito ay ituturing na naaprubahan nang Gobernador kung, alinsunod sa Seksyon 35 ng Artikulo 4 ng Saligang-Batas ng Nevada:

(a) Pinirmahan ng Gobernador ang batas;

(b) Ang batas ay ipinasa ng parehong Bahay ng Lehislatura sa ika-77 Session sa kabila ng mga pagtutol ng Gobernador; o

(c) Ang Gobernador ay nabigo'ng ibalik o iharap ang batas sa loob ng panahon na ibinigay ng Seksyon 35 ng Artikulo 4 ng Saligang-Batas ng Nevada.

Sec. 84. Kung ang anumang probisyon ng batas na ito o ang pagpapairal nito sa sinumang tao o pangyayari ay ginanap ng di-wasto o hindi epektibo, ang kawalan ng bisa o kawalan ng epekto ay dapat na bigyan ng pinaka-mababa'ng posible'ng kahulugan at hindi dapat makaapekto sa anumang iba pang probisyon o pagpapairal ng batas na ito.

ANG MGA SUMUSUNOD NA TANONG AY PARA SA MGA REHISTRADONG BOTANTE NG BOULDER CITY

TANONG SA BALOTA BLG. 1
Tanong sa mga mamamayan ng Boulder City Tungkol sa Capital Improvement Fund

Kung magkaroon ng pondo sa Capital Improvement Fund, dapat ba'ng gumastos taun-taon ang Lungsod ng hanggang $500,000 mula sa Capital Improvement Fund sa susunod na pitong (7) taon para sa mga pangangailangan ng kagamitan sa imprastraktura ng Lungsod?

Oo . . . . . [ ]

Hindi . . . . . [ ]

PALIWANAG

Ang Seksyon 143 ng Boulder City Charter ang namamahala sa mga ginugugol mula sa Capital Improvement Fund ng Boulder City. Alinsunod sa Seksyon na iyon, ang lahat ng mga gagastahin mula sa Capital Improvement Fund ay dapat na pahintulutan ng isang karaniwa'ng nakararami'ng boto na isasagawa ng mga rehistrado'ng botante sa lungsod.

Ang boto'ng "OO" ay magbibigay pahintulot sa Lungsod upang gastahin ang hindi hihigit sa $500,000 taun-taon para sa susunod na pitong (7) taon mula sa Capital Improvement Fund upang mapalitan at / o mapabuti ang mga bahagi ng mga kagamitan sa imprastraktura ng Lungsod kung kinakailangan,

upang mapanatili ang integridad ng mga palingkurang-bayang serbisyo sa Lungsod. Ang mga naturang paggasta ay papayagan lamang kung mayroo'ng pondo'ng magagamit na abot-kaya ng Capital Improvement Fund.

Ang boto'ng "HINDI" ay hindi papayagan ang Lungsod na gastahin ang salapi mula sa Capital Improvement Fund para sa mga pangangailangan ng mga kagamitan ng imprastraktura sa lungsod.

PANGUNGUSAP

(NRS 295.230.2(a)(1)(11))

A. Buod ng Umiiral na Batas na May Kaugnayan sa Panukala na Iminungkahi ng Tanong:

1. Boulder City Charter Artikulo XV, Ari-aria'ng Lupa:
   a. Seksyon 140. Pamamahagi ng Pag-aari'ng Lupain ng Lungsod: Mga Pangkalahatang Regulasyon, subseksyon A.
   b. Seksyon 142. Mga Nalikom Mula sa mga Transaksiyon ng Ari-aria'ng Lupa
   c. Seksyon 143. Mga Gagastusin Mula sa Capital Improvement Fund

2. Mga Alituntunin ng Boulder City Titulo 2, Kapitulo 7, Seksyon 2: Limitasyon sa Obligasyon sa Utang ng Lungsod

B. Buod kung paano ang panukala ay iminungkahi sa pamamagitan ng tanong:

1. Magdadagdag sa Umiiral na Batas - Ang panukala'ng ito sa balota ay hindi magdadagdag sa mga umiiral na batas. Ito ay talaga'ng nagbibigay lamang ng pauna'ng pahintulot ng botante upang gamitin ng Lungsod ang Capital Improvement Fund, kung mayroo'ng pondo, kung sakali'ng ang pag-aayos o pagkumpuni ng mga gamit sa imprastraktura ng Lungsod ay kinakailangan.
2. Pagbabago sa Umiiral na Batas – Ang panukala sa balota'ng ito ay hindi babaguhin ang umiiral na mga batas.
3. Magpapawala'ng-Bisa sa Umiiral na Batas - Ang panukala sa balota'ng ito ay hindi magpapawala'ng-bisa sa anumang umiiral na mga batas.

<u>Epekto ng Charter sa mga Pagbabayad ng Capital Improvement Fund.</u>

Malinaw sa ating Charter simula ng susugan noong 1997, na ang isang pagbebenta o iba pang mga pamamahagi ng mga pag-aari'ng lupain ng Lungsod na mahigit sa isang ektarya ay dapat na pahintulutan ng mga rehistrado'ng botante ng Lungsod sa isang halala'ng gaganapin kasabay at alinsunod sa halalan na hinihingi ng Artikulo XV, Seksyon 143 ng Boulder City Charter. (Tingnan Boulder City Charter, Artikulo XV, Seksyon 140)

Ang Boulder City Charter Artikulo XV, Seksyon 143, subseksyon 1, ay tumutukoy kung paano ang mga gagastusin mula sa Capital Improvement Fund ay awtorisado. Seksyon 143, subseksyon 1 ay nagsasaad na ang lahat ng mga gagastusin mula sa Capital Improvement Fund ay kailanga'ng pahintulutan ng isang simple'ng karamihan na boto na isinagawa ng mga rehistrado'ng botante ng Lungsod sa isang panukala na iniharap sa kanila sa isang halalan.

Kaya, kung pagsasama-samahin, ang Artikulo XV, mga Seksyon 140 at 143 ay nagsasabi sa atin na kung ang lupa na pag-aari ng Lungsod ay ipagbibili, ito ay gagawin upang magbigay ng mga pondo para sa mga tiyak na gagastusin mula sa Capital Improvement Fund. Ang pagbebenta ng lupa na pagmamay-ari ng Lungsod ay dapat palaging nauugnay sa isang paggasta mula sa Capital Improvement Fund.

Gayunman, ito ay hindi nangangahulugan na ang lahat ng mga gagastusin mula sa Capital Improvement Fund ay kailanga'ng konektado sa ilang mga paraan sa pagbebenta ng ari-arian na pag-aari ng Lungsod. May mga iba pang mga pinagkukunan na nagbibigay ng kita sa Capital Improvement Fund. Samakatuwid, ganap na maaaring ang isang gastusin sa Capital Improvement Fund na hindi naman nauugnay sa o konektado sa isang pagbebenta ng lupa na pag-aari ng Lungsod ay pahihintulutan ng mga botante.

Gayunpaman, ang <u>bawat</u> paggasta mula sa Capital Improvement Fund ay kailanga'ng
Iboto at pahintulutan ng mga rehistrado'ng botante ng Boulder City. Ang pagpapatibay ng bagong panukala na ito ay magpapahintulot sa City Council upang gamitin ang salapi mula sa Capital Improvement Fund para sa mga kinakailanga'ng kagamitan sa imprastraktura ng Lungsod na hindi

kailanga'ng kunin ang pahintulot ng botante para sa bawa't paggasta hangga't mayroo'ng pondo na magagamit at ang paggasta ay para sa isang pangangailangan ng mga kagamitan.

Patakaran sa Pagpapalabas ng Utang.

Ang kowd ng Boulder City ay naglalaman ng hayag na Patakaran sa Pagpapalabas ng Utang sa Lungsod. (Tingnan ang Alituntunin 1-9-12 ng Boulder City). Sa iba'ng mga bagay ang patakaran na ito, ay nagbibigay limitasyon sa pang-matagala'ng paghiram o alternatibong pamamaraan sa pamumuhunan sa mga pagbili ng lupa, mga gusali at iba pang mga pangunahi'ng kagamitan, kasama ang mga muwebles at kasangkapan o kagamitan, malalaking bagay na mahalaga sa teknolohiya at naigagalaw na piraso ng kagamitan, tulad ng trak ng pamatay sunog na may halaga'ng lampas sa limang daang libo'ng dolyar ($ 500,000.00).

May iba pang itinadhana ang kowd Munisipal na naglilimita kung magkano ang bagong utang na maaaring isagawa ng Lungsod. Alituntunin ng Boulder City, Titulo 2, Kabanata 7, Seksyon 2: Limitasyon sa Obligasyon sa Utang ng Lungsod:

> Ang lungsod at ang mga ahensya nito at mga proyekto ay hindi dapat magkaroon ng anumang bagong mga obligasyon sa utang na isang milyo'ng dolyar ($1,000,000.00) o higit pa, tulad ng tinukoy sa ilalim ng Nevada Revised Statutes 350.0045 hanggang Nevada Revised Statutes 350.0075, magkakasama, nang walang pahintulot ang mga botante ng Boulder City sa isang pangkalahatan o espesyal na halalan (Ord.1423, 2010/11/09, eff. 2010/11/09)

Ang Ordinansa'ng ito, isinabatas sa pamamagitan ng inisyatiba ng botante, ay naglalayon o nalathala upang maiwasan ng Lungsod ang pagkakaroon ng anumang bagong mga utang, na tinukoy bilang iba't- ibang uri ng mga mahalaga'ng papel sa Kabanata 350 ng NRS, na isang milyo'ng dolyar o higit pa ng walang mga pahintulot ang mga botante.

Gayundin, ang anumang mga gastos mula sa Capital Improvement Fund ay nangangailangan ng pahintulot sa mga botante.

Ang City Council ay matindi'ng nag-aalala na ang hindi pa nasusubuka'ng

inisyatibo'ng ordinansa'ng ito ay maaaring makahadlang o paghigpitan ang Council mula sa pagtupad at pamamahala sa mahalaga'ng mga proyekto para sa benepisyo ng publiko, lalo na doon sa pampublikong mga gamit sa mga pag-aayos at pagkumpuni. Halimbawa, karamihan sa umiiral na gamit imprastraktura sa kuryente ng Lungsod ay kasalukuyang pinagagana ng lampas na sa kapaki-pakinabang na buhay nito. Sa ilalim ng bagong inisyatibo'ng ordinansa na ito, kung ang isang sub-istasyon ng Lungsod ay masira, ang pagpapakumpuni sa sub-istasyon ay maaaring gumastos ng mahigit sa isang milyo'ng dolyar. Yaong mga mamamayan na apektado ng pagkasira ng sub-istasyon (mga taong ngayon ay namumuhay na walang kuryente) ay maliwanag na kailanga'ng maghintay hanggang ang isang halalan ay maaaring ganapin bago maibalik ang kanila'ng kuryente. Sa halip na mga araw lamang ay maaaring tumagal upang maipanumbalik ang kuryente, maaaring tumagal ng mga ilang buwan ang proseso. Sa ganito'ng kaisipan, napagpasiyahan ng City Council na humingi ng iba pang mga pagmumulan ng pagpopondo para sa naturang kagamitan sa pag-aayos at pagkumpuni.

Isa sa mga pagmumulan na ito ay ang Capital Improvement Fund. Gamitin natin ang mga halimbawa sa itaas, sa pamamagitan ng pagkuha ng pauna'ng pahintulot para sa mga gagastusin mula sa Capital Improvement Fund, magagawa ng Lungsod ang tumugon sa mga emerhensiya nang mas mabilis at hindi nangangailangan ng isang pagboto ng mga tao.

ARGUMENTO UPANG MAPAGTIBAY

Mayroo'ng isang matindi'ng pangangailangan ang Lungsod upang mapabuti ang ating kagamitan sa imprastraktura, lalo na ang kagamitan sa sistema ng kuryente. Ang pahintulot ng Botante sa tanong na ito sa balota ay magbibigay daan sa Lungsod upang gawin ang mga kinakailanga'ng aksyon upang mapanatili ang integridad ng mga serbisyo sa mga palingkurang- bayan kung ito ay mayroo'ng sapat na salapi sa Capital Improvement Fund.

Noong kamakaila'ng buwan, ang mga dalubhasa'ng inhinyero-elektriko ay gumawa ng isang malalim, mataas na antas na pagsusuri sa sistema ng mga kagamitan sa kuryente ng Boulder City. Sa kanilang ulat, kung saan ay nakumpirma ng Administrador ng Boulder City Electric Utility, ay napag-alaman na ang mga pangunahi'ng bahagi ng mga sub-istasyon ng kuryente sa ating Lungsod, mga transpormer at sistema ng transmisyon ay alinman sa, may edad na lampas sa kanilang kapaki-pakinabang na buhay, laos at mapanganib o hindi maaasahan. Napag-alaman din na ang Boulder City ay maliit ang ginagasta sa mga kagamitan sa malakihang pag-aayos kung ihahambing ito sa ibang komunidad.

Ang mga rekomendasyon ay ginawa upang simulan ng Lungsod sa lalo'ng madali'ng panahon ang magtakda ng karapata'ng unahin at ipatupad ang mga kinakailanga'ng mga pagpapaayos. Inaprubahan ng City Council ang Electric Utility Capital Improvement Plan, na nagbibigay-karapata'ng unahin ang mga apuraha'ng pangangailangan at para sa mga nangangailangan ng unti-unti'ng pamamaraan ng paggawa upang maisagawa ang kinakailanga'ng hakbang sa pinakamabilis na pamamaraan, kung mayroo'ng pondo.

Kung ang plano'ng ito ay pahihintulutan ng mga botante, kasama ang panukala'ng pagbebenta ng lupa, ang mga benepisyo ay kasama ang malaki'ng pinahusay na sistema na maaasahan, mababawasan ang pagkawala ng kuryente, malaki ang mga matitipid na gastos at madadagdagan ang kaligtasan. Kung hindi makapasa ang isa o pareho'ng tanong sa balota, malamang ay hindi maisagawa ng Lungsod sa tamang panahon ang mga kinakailanga'ng pagbabago, maliban kung ang Lungsod ay magpatupad ng malaki'ng pagtaas ng singil sa kuryente o magkaroon ng napakabigat na pagkaka-utang.Gayun man, ang pagsang-ayon sa panukala'ng ito kung paano-at- paano man ay magbibigay pahintulot sa Lungsod na gamitin ang salapi mula sa Capital Improvement Fund para sa mga pangangailangan ng kagamitan sa imprastraktura kung magkaroon ng pondo. Walang magiging salungat na epekto sa pananalapi o pagbabago sa kapaligiran kung ang panukala'ng ito ay pumasa.

Ang pagpapatuloy ng mahusay na kalidad ng pamumuhay na tinatamasa natin sa ating kakaiba'ng komunidad ay maaaring mapanganib kung hindi tayo gagawa ng mga makatwiran at kinakailanga'ng hakbang upang maiwasan ang matindi'ng pagkapinsala ng mga serbisyo para sa palingkurang-bayan . Ang Lungsod ay may magandang plano na maaari na ngayo'ng pahintulutan ng mga botante nang walang karagdagang pagkaantala upang lunasan ang napipintong krisis.

<u>Ang Pagsang-ayon sa Tanong sa Balota Blg. 1 ay makatutulong sa liwanag ng daan</u> sa ating kinabukasan.

Isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota tulad ng nakalagay sa NRS 295.217

<u>PAG-SALUNGAT SA ARGUMENTO UPANG MAPAGTIBAY</u>

Ang pagpapatibay sa tanong na ito ay hindi nangangahulugan na ang mga kagamitan para sa imprastraktura ng Lungsod ay maipapakumpuni kaagad. Kahit na apurahan ang pangangailangan, hindi magkakaroon ng anumang magagamit na pondo mula sa Capital Improvement Fund hanggang sa tao'ng 2016. Ang mga apuraha'ng pangangailangan ay dapat nang pag-usapan ngayon.

Hindi dapat ubusin ng Lungsod ang Capital Improvement Fund upang baguhin at panatilihin ang mga kagamitan ng imprastraktura Ang mga gastos sa pagbabago at pagpapaayos ng mga gamit para sa Lungsod ay dapat na isang bahagi ng tauna'ng badyet sa halip na umasa sa pagsang-yon ng botante upang mapanatili ang integridad at manatili'ng maaasahan ang mga palingkurang-bayan. Ang paggamit ng salapi mula sa Capital Improvement Fund para sa hangari'ng ito ay lalo'ng magpapanatili sa kasalukuya'ng suliranin ng Utility Fund sa hindi pagkita ng sapat na salapi upang masustentohan ang mga gastos sa pagpapatakbo at mga malakihang gastos nito. Higit pa rito, ginagamit nito ang salapi na dapat ay gamitin sa iba pang mga proyekto sa General Fund na mayroo'ng limitadong mga pinipili'ng popondohan. Ang Utility Fund ay dapat mapagtakpan ang lahat, kabilang ang pangunahi'ng gastos nito. Bumoto ng HINDI sa Tanong Blg. 1.

Isinumite ng Klerk ng Lungsod tulad ng nakalagay sa NRS 295.217

ARGUMENTO TUTOL SA PAGPAPATIBAY

Walang duda na kailanga'ng-kailangan ang mga pag-aayos sa mga kagamitan ng imprastraktura ng Lungsod; gayon pa man, ang Capital Improvement Fund ay hindi dapat panggalingan ng pagpopondo.

Ang Capital Improvement Fund ay hindi magkakaroon ng pondo'ng magagamit hanggang sa tao'ng 2016. Kung magkaroon ng pondo, ang halaga ay hindi sapat upang mapagtakpan lahat ng mga gastos ng mga kinakailanga'ng pagpapaayos. Sa loob ng susunod na limang taon, ang tinantyang gastos ng mga pagpapalit at pagbabago ng kagamitan sa kuryente lamang ay labis sa $24 na milyon. Hindi pa kasama dito ang tubig at kanal. Hindi tayo maaaring umasa sa Capital Improvement Fund upang bayaran ang mga proyektong ito. Ang Capital Improvement Fund ay nakakatanggap ng kita mula sa pagbebenta at pagpapaupa ng mga lupa. Kung ang mga kita ay mabawasan o mahinto, ano ang magiging plano upang mapanatili, maipaayos at mapaganda ang mga kagamitan sa imprastraktura ng Lungsod?

Ang Utility Fund ay isang Enterprise Fund at ang mga presyo ay dapat na binuo upang mabawi ang mga gastos sa pagseserbisyo ng mga kagamitan, ganoon din ang mga gastos sa pagpapatakbo at pangunahi'ng gastos nito. Ang Lungsod

ay umupa ng isang kasangguni noong 2012 upang magsagawa ng malawaka'ng pag-aaral sa singil sa kuryente. Nakita sa resulta na hindi sapat ang nakukulekta ng Lungsod upang matugunan ang mga gastos.

Sa halip na ubusin ang Capital Improvement Fund, dapat ay ayusin ng Lungsod at gawi'ng patas, abot-kaya, at matatag ang singil nito sa mga kagamitan na babayarin . Ang Capital Improvement Fund ay dapat gamitin upang pondohan ang pangunahi'ng pangangailangan ng General Fund tulad sa pagpapaayos ng mga laruan ng golf, pagpapakumpuni o pagpapaganda sa mga gusali ng Lungsod, o upang pondohan ang isang bagong palanguyan.

Bumoto ng "HINDI" sa Tanong Blg. 1

Isinumite ng Klerk ng Lungsod tulad ng nakalagay sa NRS 295.217

PAG-SALUNGAT SA ARGUMENTO SA PAGTUTOL SA PAGPAPATIBAY

Walang pagtatalo na kailanga'ng-kailanga'ng maipaayos ang mga kagamitan ng imprastraktura sa Lungsod. Inaprubahan ng City Council ang isang mahusay na plano upang makagawa ng mahalaga'ng pag-aayos sa mga sistema ng kagamitan sa kuryente, na siya'ng pinakamataas na pangangailangan. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng isang unti-unti'ng pamamaraan kung saan ang mga kinakailanga'ng hakbang ay gagawin taon-taon, maiiwasan ng Lungsod ang mga napipintong krisis sa pamamagitan ng paggamit ng Capital Improvement Fund kung pahihintulutan ng mga botante ang panukala'ng pagbebenta ng lupa upang madagdagan ang salapi sa pondo.

Bilang isang komunidad, mayroon tayo'ng tatlong pangunahi'ng mapagpipilian tungkol sa matindi'ng pangangailangan sa pagpapabago ng ating mga kagamitang pang serbisyo. Una, maaari na lamang nating pabayaan ang umiiral na imprastraktura, na imbitasyon sa isang malaking kapahamakan. Pangalawa, maaari nating bayaran ang mga pagpapaayos sa pamamagitan ng sobra'ng pagtataas ng singil sa mga babayarin para sa mga kagamitan, na magdudulot ng isang tunay na paghihirap sa mga residente at marami'ng lokal na negosyo. Ikatlo, maaari nating aprubahan ang dalawang katanungan sa balota upang malutas ang suliranin sa isang makatwiran at abot-kaya'ng paraan. Ang hindi pagkilos ay hindi isang mapagpipilian, at ang isang malaking

pagtaas ng singil sa mga ibat ibang kagamitan na babayarin ay hindi katanggap-tanggap.

Bumoto ng “Oo” sa Tanong Blg. 1

Isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota tulad ng nakalagay sa NRS 295.217

NAUUKOL SA TAUNA’NG PANANALAPI

Ito ay makaka-apekto sa Capital Improvement Fund sa halagang hindi hihigit sa $500,000 taun-taon para sa susunod na pitong (7) taon at kung mayroo’ng pondo lamang sa Capital Improvement Fund. Ang tanong na ito ay hindi nangangailangan ng anumang mga gastos na mangangailangan ng pagpapataw ng buwis o paglalapat ng isang bagong buwis o bayad o ang pagtaas ng isang umiiral na buwis o bayad.

TANONG SA BALOTA BLG. 2

Lungsod ng Boulder City

Dapat ba’ng bigyan ng pahintulot ang Lungsod ng Boulder City upang ipagbili ang humigit-kumulang na 29 na ektarya ng lupang pag-aari ng Lungsod na matatagpuan sa timog-silangan sa kanto ng Bristlecone Drive at Adams Boulevard para sa hangarin na magawa ang masidhi’ng pangangailangan sa pag-aayos at pagpapakumpuni ng kagamitan sa imprastraktura ng Lungsod?

Oo . . . . . [ ]

Hindi . . . . . [ ]

PALIWANAG

